

Lingguwistikong Etnograpiya ng Yakan

Lingguwistikong Etnograpiya ng Yakan

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Yakan.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at
sumulat ng manuskrito:

Analyn D. Saavedra, PhD
Jane Nurzaima O. Villacin
Hanna Drapeza-Ackermann, MAEd
Ma. Socorro Yvonne Ramos, PhD
Fadzralyn A. Karanain, PhD

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,
Malacañan Complex, San Miguel, Lungsod Maynila 1005
Tel. (632) 8736-2525
email: komisjonsawika@gmail.com

PAUNANG SALITA

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, nalamang mayroong tinatayang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bilang natinatayang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangingibabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindi na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúnong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO¹ ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.² Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at pasasalamat ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi rin ng

¹ UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

² Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindi káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

Sangay ng Salita at Gramatika

TALAAN NG NILALAMAN

Paunang Salita	3
Talaan ng Nilalaman	5
Introduksiyon	7
Heograpiya	9
Topograpiya ng Probinsiya ng Basilan	9
Etimolohiya ng Pangalang Basilan	10
Topograpiya ng Lungsod Zamboanga	11
Demograpiya ng mga Yakan ng Lamitan	12
Kasaysayan ng Lungsod Lamitan	12
Demograpiya ng Lungsod Zamboanga	14
Pagkakakilanlan ng Pangkat	14
Identidad ng Pangkat Yakan	14
Pinagmulan ng Salitang Yakan	16
Alamat ng Yakan	17
Tawag sa Ibang Pangkat	17
Migrasyon	18
Sitwasyong Pangwika	18
Wikang Ginagamit sa Pagtuturo	19
Estruktura ng Komunidad	20
Pamilya	20
Pakikipag-ugnayan sa Komunidad	22
Panliligaw	22
Pamamanhikan	23
Pag-aasawa	25
Sistema ng Pamamahala	27
Kapangyarihan at Pamumunò	27
Sistemang Panghustisya	28
Sistemang Pangkabuhayan	29
Pagtatanim	29
Paghahabi	30
Pangingisda	33
Pamimilí at Pagtitinda ng Goma	34

Relihiyon	36
Materyal at Di-Materyal na Kultura at Tradisyon	41
Instrumentong Pangmusika	41
Katutubong Sayaw	44
Arkitektura	47
Katutubong Kasuotan	48
Iba't ibang Disenyo ng Tela	53
Mga Laro	56
Mga Dekorasyon at Palamuti	58
Katutubong Pagkain	60
Siklo ng Búhay	62
Pagbubuntis	62
Unang Senyales ng Pagbubuntis	65
Ang Pagkabuo sa Sanggol	65
Panganganak	66
Paggunting	66
Pagdadalaga at Pagbibinata	68
Partisipasyon sa Pambansang Kultura	69
Edukasyon	69
Pagtammam o Pagtatapos	70
Mga Pinunong Yakan	70
Mga Sanggunian	72
Apendiks	73
Glosaryo	73
Wordlists	91
Mga Informant	101
Mga Mananaliksik	105

INTRODUKSIYON

Ang pagiging multilingguwal ay isa sa mga katangiang maipagmamalaki ng Filipinas. Bagama't maliit na bansa, kahanga-hanga ang pagkakaroon ng humigit-kumulang na 170 na mga katutubong wikang sinasalita sa buong bansa. Ayon kay Bloomfield (2013), ang katutubong wika o unang wika ay natututuhan at sinasalita ng isang tao mula sa kaniyang pagsilang. Sa Mindanao, ilan sa mga katutubong wikang sinasalita ay Cebuano, Bahasa Sug, Chabacano, Yakan, Sama, at marami pang iba. Sa mga ito, isa sa maituturing na mayaman sa kasaysayan ay ang wikang Yakan.

Ang wikang Yakan ay sinasalita ng mga Yakan na karamihan ay matatagpuan sa Lungsod Zamboanga at sa probinsiya ng Basilan. Ayon sa pag-aaral ni Abdurahim (2007) mula sa pag-aaral ni Sherfan (1976), ang mga kauna-unahang Yakan ay nagmula sa Borneo na mga inapo ng mga Dyaks. Ganoon din ang sinabi ni Wulff sa aklat na Yakan: The Indigenous People of the Phillipines (1980). Ang salitang Yakan ay nagangahulugang *Dayak Origin*. Sapagkat ang wikang Yakan ay sinasalita rin ng mga Yakan sa Lungsod Zamboanga, isa ito sa karaniwang wikang narinig ng mga mananaliksik. Kapansin-pansin ang pagiging kakaiba nitó sa mga wikang Chabacano, Cebuano, at Bahasa Sug na sinasalita rin ng ibang kultura na nakatirá sa Lungsod Zamboanga.

Kung ihahambing sa ibang katutubong wika, kakaunti pa lámang ang pag-aaral na isinagawa kaugnay ng wikang ito. Ito ay unang idinokumento ni Ewing (1958) at sinundan ni Wulff (1965). Pinag-aralan din ito ng mga lokal na mananaliksik tulad nina Hassan (1989), Ragos (2006), Abdurahim (2007), Porras (2008), at Pasilan (2011 at 2016). Ang mga nabanggit na pag-aaral ay naglayong alamin lámang ang kultura ng mga Yakan tulad ng paraan ng kanilang pamumuhay, pag-aasawa, mga alamat, sining, musika, sayaw, at paghahabi. Gayunpaman, sa pagdodokumentong ito, naging komprehensibo ang pagtalakay sa mga paksang may kaugnayan sa wikang Yakan at sa lahat ng yugto ng búhay ng Yakan, na hindi nagawa ng ibang pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwalitatibong pag-aaral na may etnolingguwistiko-historikal na disenyo. Nagsumite rin ang mga mananaliksik ng panukala sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) upang kanilang malimì na ang Lingguwistikong Etnograpiya ng Yakan ay walang lalabaging karapatan ng mga informant na Yakan. Matápos na maibigay ng NCIP ang pahintulot, nagsagawa ng oryentasyon ang mga mananaliksik sa mga napiling lugar ng pag-aaral; [1] Upper Calarian, Lungsod Zamboanga, [2] isla ng Sacol, Lungsod Zamboanga, [3] Sumagdang, Isabela, Basilan, at [4] Limook, Lamitan, Basilan. Matapos ang oryentasyon, agad na nagpahayag ng pagsang-ayon ang mga informant na Yakan kayâ naisagawa ang dokumentasyong ito mulang Setyembre hanggang Nobyembre 2018.

Gámit ang gabay na tanong ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), kinalap ang mga datos sa pamamagitan ng pakikipamuhay, panayam, at Focus Group Discussion (FGD) sa loob nang tatlong buwan. Gumamit ng *video* at *voice recorder* ang mga mananaliksik upang maidokumento nang maayos ang mga mahahalagang pahayag at pangyayari sa búhay ng mga Yakan. Upang matiyak ang kawastuan ng mga detalye, nagsagawa ng balidasyon na nilahukan ng mga informant mula sa lahat ng lokasyon ng pag-aaral.

Mga Mananaliksik

HEOGRAPIYA

Topograpiya ng Probinsiya ng Basilan

Ang probinsiya ng Basilan ay matatagpuan sa pagitan ng 6°15' at 7°00' na latitud at 121°15' at 122°30' longitud. Nása pinakatimog ng Zamboanga Peninsula, sa hilaga ng Basilan Strait, sa silangan ng Golpo ng Moro, timog-silangan ng Dagat Celebes, at sa kanluran ng Dagat Sulu (PDDO 2015). Ang Basilan ang pinakamalaki at pinakadulong bahagi sa timog sa kapuluan ng Sulu na nása pagitan ng Mindanao at Borneo. Bahagi ng topograpiya ang lahat ng mga isla ng probinsiya kasáma na ang Isla Muni (dáting Isla Pilas) sa bahaging kanluran at mga isla sa Bubuan at Tapiantana sa bahaging timog ng probinsiya. Ang probinsiya ay may lawak na 132,723 na ektarya.

Batay sa datos ng PDDO (2015), ang mga munisipyo ng Basilan na sakop ng ARMM ay ang Lamitan, Lantawan, Maluso, Sumisip, Tipo-Tipo, at Tuburan maliban sa Lungsod Isabela na pinilìng hindi mapasailalim sa rehiyong ito. Noong 2006, naidagdag ang munisipyo ng Ungkaya Pukan at Al-Barka. Nasundan din ng pagkalikha ng Hadji Muhammad Ajul na dáting sakop ng munisipyo ng Tuburan, ang munisipyo ng Hadji Mutamad na dati namang sakop ng munisipyo ng Lantawan, at ang Tabuan-Lasa na ihiniwalay sa munisipyo ng Sumisip. Sa kasalukuyan, ang Basilan ay binubuo ng dalawang lungsod at siyam na munisipyo.



Larawan 1. Lupain ng Lungsod Lamitan, Basilan

Etimolohiya ng Pangalang Basilan

Maraming mga paniniwala at haka-haka ang naisulat tungkol sa pinagmulan ng pangalang Basilan. Isa na rito ang Uleyán na hinango sa pangalan ng isang bundok na matatagpuan sa pinakasentro ng probinsiya. Kalaunan, tinawag naman itong Matàngal na mula naman sa Bundok Matangal na matatagpuan sa Tuburan, Basilan. Marami pa ang ibinansag sa probinsiya gaya ng Puh Gulàngan (Isla ng Kagubatan); Umus Tàmbun (Masaganang Lupain); Kumalàrang (pangalan ng isang ilog); at hanggang pinangalanan itong Basî Bàlan.


Ang Basî Bàlan ay ipinangalan pagkatapos ng labanán sa pagitan ng mga katutubo at mánanákop na Kastilang mula sa Zambonaga. Pinamunuan ni Sultan Kudarat ang mga katutubo kasáma ang kaniyang mandirigmang sina Apuh Yakan, Apuh Dagang, at Apuh Batilan. Ang tagumpay ng mga katutubo sa labanáng iyon ang naging dahilan upang tawaging Basî Bàlan ang probinsiya. Mula ito sa kanilang sandatang **pìra** na gawa mula sa **basih** na ibig sabihin ay bakal at **balan** na nangangahulugang *magnetic* (PDDO 2015). Sa paglipas ng panahon, ang mga naunang mananalaysay ay pinaikli ito at hanggang sa kasalukuyan ay nananatili ang pangalang Basilan (Provincial Planning Office 2015).



Larawan 2. Pook na Mayroong Mataas na Populasyon ng mga Yakan sa Lamitan

May paniniwala ring ang Basilan ay pag-aari ng Sultanato ng Jolo. Sinasabing ang Sultanato ng Jolo ang ikalawang nanirahan sa probinsiya at tinawag nilang Tagimaha ang lugar (Basilan). Ngunit para kay Sherfan (1976), ang mga teoryang ito ay pawang haka lámang at walang matibay na ebidensiya.

Sa lahat ng nabanggit, pinatutunayan ng mga pinunong Yakan na ang Basilan noon ay kilala sa tawag na Tagime. Pangalan ito ng isang datu na namuno sa isang malaking bahagi ng probinsiya bago pa dumating ang mga Kastila. Pinananiwalaan ng mga pinunong Yakan na ang Tagime ay salitang Yakan na nangangahulugang *the way to the iron* sapagkat maraming yamang mineral sa mga ilog ng rehiyon.



Larawan 3. Mapa ng Isla ng Basilan

Topograpiya ng Lungsod Zamboanga

Isa rin sa kasalukuyang pinananahanan ng mga Yakan ang Lungsod Zamboanga. Ito ay matatagpuan sa pinakatimog na bahagi ng Zamboanga Peninsula sa Mindanao. Mailalarawan na *rolling to steep* ang lungsod ngunit karamihan sa mga lugar ay may makikitid na kapatagan lalo na sa bahaging silangan. Sa kasalukuyan, ito ay nahahati sa dalawang distrito—ang Distrito 1 ay may 37 na barangay at may 61 na barangay naman ang Distrito 2. Ang klima ng lugar ay maibibílang sa ikatlo at ikaapat na uri kayâ ang panahon ay pabago-bago, at paminsan-minsan lang ito nakararanas ng bagyo sapagkat ito ay nása labas ng *typhoon belt*.

Matatagpuan ang Lungsod Zamboanga sa kanlurang bahagi ng Dagat Sulu, sa silangan ng Golpo ng Moro, at sa timog ng Basilan Strait at Dagat Celebes. Batay sa PSA (2015), umabot sa 861,799 ang buong populasyong naninirahan sa lungsod kasáma na ang mga Yakan, at naitalâng pang-anim sa may pinakamalaking populasyon sa buong bansa. Sa lawak ng lugar, nása ikatlong puwesto ito na may kabuoang lawak na 148,338.49 ektarya. Ang *mainland* ay may kabuoang lawak na 142,089.99 na ektarya habang 6,248.50 na ektarya naman ang lawak ng lugar (Office of the City Planning and Development Coordinator 2015).



Larawan 4. Yakan Village sa Upper Calarian, Lungsod Zamboanga

Demograpiya ng mga Yakan ng Lamitan

Sa datos ng *Office of the Planning and Development Coordinator* ng Lungsod Lamitan (2015), lahat ng 45 na barangay ng Lamitan ay may naninirahang mga Yakan at ang maraming bilang ay nása sumusunod na barangay: Parangbasak (1,607), Boheyawas (1,409), Boheibu (1,298), Campo-Uno (1,364), Baas (691), Cabobo (892), Bohenance (822), Lebbuh (681), Sabong (631), at Danit Puntukan (620).

Kasaysayan ng Lungsod Lamitan

Ang Lungsod Lamitan ay tinagurian ng marami na “Tahanan ng mga Yakan” (Pasilan 2015). Sa panahon ng pamumuno ng mga Kastila, ang sibilisasyon ay umusbong lámang sa Lungsod Isabela. Ngunit sa kabila nitó, mayroon pa ring mga dayuhang mananakop ang piniling manirahan sa Lamitan, kahit na ito ay liblib na pook at malayo sa proteksiyon ng mga sundalo gaya ng mga natatamása ng mga taga-Isabela. Sa panahon ding iyon, may naitalâng mga pangkat ng Kristiyano at Moro.

Ang **Lamí-lamihán** ay nangangahulugang pinagsámang kasiyahan at kumperensiya. Ang pangalang ito ay ibinigay ng isang Kastilang mula sa Lungsod Isabela na nanggalugad sa lugar na ito. Nang dumating ang mga Kastila sa Lamitan ay kasalukuyang nagdiriwang ang mga katutubong Yakan ng kanilang kapistahan. Tinanong ang mga katutubo kung ano ang pangalan ng kanilang lugar at sinagot naman ito ng mga Yakan na **Lamí-lamihán** sa pag-aakalang tinatanong sila sa pangalan ng kapistahan. Hindi naunawaan ng mga Kastila ang isinagot ng mga Yakan

at kanilang tinawag ang lugar na Lamitan.

Itinatag ang Lungsod Lamitan noong 1886 ni Pedro Javier Cuevas o mas kilala sa tawag na Datu Kalun na tubòng Bacoor, Cavite. Sa panahon ng kaniyang pamumuno, nalupig ng mga katutubong lider ng mga Yakan ang mga kalaban at napagsáma-sáma niya ang mga puwersa ng mga lider.

Sa kasalukuyan, ang Lungsod Lamitan ang kabisera ng Basilan na kabílang sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Muslim (BARMM). Sa datos ng PPDO noong 2010, ang Lamitan ay may naitalâng populasyon na umabot sa 68,996 o 23.52% ng kabuoang populasyon ng probinsiya. Sa populasyong ito, 41.3% ay mga Yakan kayâ tinagurian ang lungsod na “Tahanan ng mga Yakan” hanggang sa kasalukuyan (PDDO 2015).

Sa artikulo ni Fernando (1991), ang Lungsod Lamitan ay isang malawak na kapatagan ngunit ito ay napalilibutan ng kabundukan na may karaniwang taas na 267 na metro mula sa patag na bahagi ng lungsod. Kung manggagáling mula sa Lungsod Zamboanga, mararating ang Lamitan sa pamamagitan ng transportasyong pandagat sa loob nang isang oras. Kung magmumula naman sa Lungsod Isabela, nása 30 hanggang 45 minutong paglalakbay lámang ang gugugulin sa 27 kilometrong ruta.



Larawan 5. Pamilihan sa Lungsod Lamitan, Basilan

Demograpiya ng Lungsod Zamboanga

Sa datos ng PSA noong 2015, umabot sa 861,799 ang bilang ng populasyon ng Lungsod Zamboanga. Sapagkat ang lungsod ang sentro ng kalakalan sa Zamboanga Peninsula, bahagi ng bilang na ito ang ilang migrante mula sa probinsiya ng Basilan, Sulu, Tawi-Tawi, Zamboanga Sibugay, Zamboanga del Sur, at Zamboanga del Norte. Kabilang sa mga dumagdag sa populasyon ng Zamboanga ay ang mga migranteng Yakan na orihinal na naninirahan sa probinsiya ng Basilan ngunit lumipat sa lungsod dahil sa mga kaguluhang nagaganap sa Basilan. Karamihan sa kanila ay sama-samang naninirahan sa mga barangay ng Upper Calarian at Isla ng Sacol sa Lungsod Zamboanga.



Larawan 6. Isla ng Sacol sa Lungsod Zamboanga

PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT

Identidad ng Pangkat Yakan

Sa pakikipanayam sa mga Yakan, inilarawan nila ang kanilang mga ninuno na tulad ng isang tipikal na Pilipino. Ayon sa mga Yakan ng Basilan, noong 1970's sa panahon ng Batas Militar, karamihan sa mga Yakan ay naninirahan sa mga malalayong bundok upang makaiwas sa mga kaguluhang nagaganap sa mga kabayanan. Dahil dito, sila'y tinatawag noon na mga Yakan Puntukan na nangangahulugang mga táong bundok.

Kilala rin sa pagtatanim o pagsasáka ang mga Yakan na pangunahing hanapbuhay sa Basilan hanggang sa kasalukuyan. Pinatotohanan ito sa artikulo ni Gorlinski, binanggit niyang ang mga Yakan ay tinatawag na *inland-dwelling*

agriculturalists. Sila ang orihinal na tagatustos ng bigas sa mga Tausug at Sama na mga pangkat-etnikong naninirahan sa probinsiya ng Basilan at ilan pang mga kalapít na isla sa rehiyon.

Bukod sa paninirahan sa malalayong bundok, ilan rin sa pagkakakilanlan ng mga Yakan noong 1970's ay ang hindi pagsusuot ng tsinelas. Kapag bumababâ sila sa bayan upang makipagpalitan ng mga produkto at bumili ng mga pagkain, nagsusuot lámang sila ng pambalot sa paa na tinatawag na **sanàle**. Ito ay gawa sa balát ng punò gaya ng Yakal at iba pang mga uri ng mga matitibay na punò na makikíta sa kanilang paligid. Gumagamit din sila ng mga **semmék-Yàkan** o kasuotang Yakan gaya ng **pis** na inilalagay sa ulo.

Isa rin sa kanilang identidad ay ang **pagngangâ** o pagnguya ng **buyò** o *bettle nut* na kadalasang ginagawa ng matatanda. Nilalagyan nila ng apog ang dahon ng **buyò**, ngunguyain hanggang maubos at maging kulay-dalandan ang kanilang ngipin, at sakâ nila idinudura ang natirá sa kanilang bibig. Ang apog ay mula sa pinulbos na iba't ibang maliliit na kabibe na hinaluan ng luyang-dilaw kayâ nagiging dalandan ang kulay nitó. Nasanay sila sa ganitong gawi sa paniniwalang ang pagnguya ng **buyò** ay pampatibay ng ngipin. Sa kasalukuyan, ginagawa na rin ng nakababatàng mga Yakan ang **pagngangâ**.



Larawan 7. Katutubong Yakan Suot ang **Semmék-Yàkan**

Sinabi rin ng mga Yakan na ang kanilang lahi ay maaaring nagmula sa lahing Malay. Ito ay dahil sa ang kinikilala nilang pinunò na sina Sharif Al-Maqdum at Rajah Sulaiman ay gáling sa Malaysia at nang dumating sa Basilan ay nagtatag ng iba't ibang pangkat ng Yakan sa Basilan. Nabanggit din mula sa pag-aaral ni Sherfan (1976), ang mga kauna-unahang Yakan ay nagmula sa Borneo, ngayon ay Malaysia, na sinasabing mga inapo ng Dyaks ng Borneo. Ganoon din ang nakasaad sa *Encyclopedia of Philippines Arts* (1994), na sinasabing ang mga Yakan ay may pisikal na katangiang tulad ng mga Malay. Sila ay may pahilig na hugis ng mata, kulay-kayumanggi, at tuwid na buhok (Abdurahim 2007) na karaniwang pisikal na katangian ng Pilipino.

Pinagmulan ng Salitang Yakan

May ilan ding pinaniniwalaan ang mga Yakan tungkol sa pinagmulan ng pangalan ng kanilang tribu. Nangunguna ang alamat mula sa pag-aaral ni Sherfan (1796). Ayon sa alamat, noong unang panahon, pagkatapos lumindol, wala pang táong nanahan sa Basilan. Sa kanlurang bahagi ng probinsiya ay maraming mga punò ng Yakal. Sinasabing nabiyak ang isa sa mga punòng ito at lumabas ang kauna-unahang lalaki sa Basilan—si Apu Siak. Sa silangang bahagi, may isang bundok na tinatawag na Tong Matàngal. Isang araw, may isang babaeng lumabas mula sa tuktok ng bundok. Siya si Apu Punso, ang kauna-unahang babae ng Basilan. Magkahiwalay nilang nilakbay ang buong isla hanggang sa sila'y nagtagpo at nagkaibigan. Nabiyayaan sila ng apat na supling at binigyan nila ng kani-kaniyang mga lupain. Kay Kumalang, ang panganay na babae, ibinigay ang kanluran na matatagpuan ang ilog Bòhe Kumàlang na pinaghanguan ng kaniyang pangalan. Ang hilagang bahagi naman ng lupain ay ibinigay kay Gubawang na hinango pa rin sa isang ilog ang pangalan. Kay Tumahùbong naman ibinigay ang katimugang bahaging lupain. At sa bunsong si Basilan, hango ang pangalan sa ilog na Bohe Basilan, ibinigay ang silangang bahagi. Isang araw, si Juhol, mangangalakal na mula pa sa Borneo, ay napadpad sa lugar at nabighani sa kagandahan ni Kumalang. Maaari niyang mapakasalan si Kumalang kung siya ay makapagdadalá ng mga buto ng mga pananim tulad ng bigas at mga prutas na mangga at **marang**, isang prutas na matatagpuan sa Mindanao. Nagawa naman ito ni Juhol at naitakda ang kanilang kasal. Ang kasalang ito ay nagbunga ng kauna-unahang ninuno ng mga Yakan.

Bukod dito, nabanggit din ng mga Yakan ang tungkol sa alamat nina Iya at Kan na mula sa India. Ang kuwentong ito'y umiikot sa dalawang taong nagmamahalan (Akilin 2018).

Ikatlo, pinaniniwalaang iyakin ang mga Yakan dahil lubos na mapagmahal sa kapuwa. Tinanggal ang titik i sa salitang iyakin at pinalitan ang hulaping -an ng -in kayâ naging Yakan. Sa mga kuwento, kapag nagkikita-kita sila noon ay nagyayakapan at nag-iiyakan sila (Saliban at Tereh).

Nabanggit rin ni Raja Abdulkudus Salihin (2018) na ang sYakan ay salitang Malayo na nangangahulugang mapagmahal na mga mamamayan. Ayon din sa kanila, ang pantig na Ya at Kan kapag isinalin sa Filipino ay nangangahulugang “Oo nga” (Nurul).

Alamat ng Yakan

Noong unang panahon, may nakatirang isang rajah sa isa sa mga rehiyon sa India at mayroong isang anak na lalaki na ang pangalan ay Kan. Pagsapit sa tamang- edad, inayos ng ama ni Kan ang pagpapakasal niya kay Ekya, ang kaisa-isang anak ng Mujal, ang iginagalang na pinuno ng rajah. Ang kasal ay hindi gaanong kontrobersiyal dahil ang Mujal ay isang mababang pinuno ng rajah. Sapagkat kaugalian na gawin ang kanilang pulot-gata sa karagatan ng India, inihanda nila ang isang malaking sasakyan na tinatawag na balanda.

Lumipas ang maraming taon, matanda na sina Kan at Ekya. Hindi nila inaasahan ang pagdating ng maraming taong sakay ng iba’t ibang balanda. Labis na nagalit si Kan sa labag na pagpasok sa kanilang lupain. Dahil sa kaniyang katandaan at pisikal na kahinaan, hindi na nagkaroon ng labanan at ipinasiya nina Kan at Ekya na tanggapin na lang ang mga bagong dating sa kanilang lupain. Kaagad na namuhay nang magkakasama ang mga Malayan at naging mga kaibigan ni Kan. Naging mag-asawa ang bawat isa. Sa paglipas ng panahon, sumilang ang Yakan mula sa pangalan ng mag-asawang Kan at Ekya.

May ilan ding teorya at mga hula ang mga lokal na manunulat tungkol sa pinagmulan ng mga Yakan. Sinasabi ng ilang lokal na mananalaysay na nagmula sa mga lahing Papuan ng New Guinea ang mga Yakan. Gayunpaman, ang pinaniniwalaang teorya at tinatanggap ng ilang marurunong na katutubo ay ang teorya ng Labanese iskolar na si Andrew Sherfan na ang Yakan ay nagmula sa Dyaks o Borneo.

Tawag sa Ibang Pangkat

Sinabi ng mga Yakan na madali nilang nakikilala ang mga taong hindi nila kasamang naninirahan sa kanilang pook. Dahil karaniwan sa kanila ang pagiging malapit sa isa’t isa lalo na sa kanilang mga kapitbahay at kabaryo, nakikilala agad nila ang mga bagong mukha na dumarayo sa kanilang pook. Tinatawag nila ang mga tagalabas o ang ibang pangkat na dumarayo sa kanilang pook na **dáyu** o dayuhan. Ginagamit din ang **aatuwâ**, **aasédi**, at kung minsan ay **patekká-tekká** upang tukuyin ang mga dayuhan at hindi nila kasamang naninirahan sa kanilang pook.

Migrasyon

Karamihan sa mga Yakan ay ipinanganak sa lalawigan ng Basilan. Sila ang mga táong unang nanirahan sa lalawigan bago pa dumating ang mga mananakop. Subalit ang ilan sa kanila ay piniling mandarayuhan. Batay sa datos ng PSA, ang mga Yakan ng Basilan ay naninirahan sa iba't ibang barangay ng mga kalapít na lungsod at lalawigan gaya Zamboanga, Tawi-tawi, at Sulu. Ang pangyayaring ito ay dahil sa edukasyon, pag-aasawa, Batas Militar, at mga kaguluhan sa dati nilang tinitirahan. Gaya na lámang ng mga Yakan sa Upper Calarian at Isla ng Sacol sa Zamboanga. Bagama't karamihan sa kanila ay doon na ipinanganak, ang kanilang mga magulang at ninuno ay nagmula sa Lamitan, Tuburan, Sumisip, at iba pang munisipalidad ng Basilan (Wilman 2018).

Maraming mga taga-Basilan ang lumipat sa Lungsod Zamboanga dahil sa epekto ng giyera sa pagitan ng mga bandidong grupo at mga sundalo. Kabílang na ang mga Yakan sa mga pangkat-etnikong lumikas patungo sa lungsod. Sa talâ ng PSA noong 2010, ang mga barangay na pinakamaraming nakatiráng Yakan ay ang Landang Laum-Isla ng Busay (4,273), Busay-Sacol Island (2,924), Muti (2,858), Taluksangay (2,310), Dita (2,240), Sangali (2050), Manicahan (1,316), at Upper Calarian (337). Sa kabuoan, mayroong 27,341 Yakan na naninirahan sa Lungsod Zamboanga (Office of the City Planning & Development Coordinator 2015)

SITWASYONG PANGWIKA

Tinatawag ng mga Yakan ang kanilang wika na **Bahàsa Yakan**. Nabanggit sa pag-aaral ni Sherfan (1976) na ito ay baryasyon ng wikang Sinama at Bahasa Sug. Ganito rin ang inihayag nina Brainard at Behrens (2002), ang mga Yakan ay kasáma sa pangkat ng mga Sama-Badjaw na mula sa pamilya ng Malayo-Polynesian ng mga wikang Austronesian. Ang wikang ito ay sinasalita ng humigit-kumulang 100,000 na mga tao sa Basilan at mga kalapít na pook sa katimugan ng Pilipinas.

Gayunpaman, ang mga naunang pag-aaral na ito ay hindi ito pinatotohanan ng mga informant na Yakan. Ayon sa kanila, ang wikang Yakan ay hindi baryasyon ng wikang Sinama at Bahasa Sug. Bagama't may ilang salitâng magkatulad sa wikang Yakan at Sinama, gaya ng **mangán** na nangangahulugang kumain, ito ay hiwalay na wika ngunit bahagi pa rin ng angkan ng Malayo Polinesyo gaya ng ibang wika sa bansa.

Sa kasalukuyan, 99% sa kanila ay mga multilingguwal na nakapagsasalita ng higit sa tatlong wika gaya ng Bahasa Yakan, Bahasa Sug, Filipino, Bisaya, Chabacano, at Sama. Isang porsiyento lámang ang mga monolingguwal na matatandang Yakan na nakatirá sa kabundukan ng Basilan, bihirang pumunta sa kabayanan, at makisalamuha sa ibang tribu. Ang katangiang ito ay masasabing isang bentaha sa kanilang kultura sapagkat ang kaalaman nila sa iba't ibang wika ay

magagamit nilang sandata upang makipag-usap sa ibang mga tribu. Ginagamit din nila ang kanilang kaalaman sa pagsasalita ng ibang wika tuwing sila ay luluwas sa ibang bayan.

Wikang Ginagamit sa Pagtuturo

Sa kasalukuyan, ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon ang pagtuturo gámit ang unang wika ng mga mag-aaral. Ayon sa mga Yakan, may mga paaralan na rin sa Basilan na Yakan ang wikang ginagamit sa pagtuturo lalo na sa mga mag-aaral na Yakan. Ngunit dahil sa nahahalo sila sa iba pang tribu, gumagamit na rin ng ibang wika sa pagtuturo gaya ng Chabacano at Bahasa Sug na ilan din sa mga pangunahing wika sa Basilan.



Larawan 8. Mga Mag-aaral na Yakan

Mas naging masigasig na rin ang mga Yakan sa pagpapaaral sa kanilang mga anak kayâ sa gulang na lima ay ipinaeenrol na nila ang kanilang mga anak. Ang ganitong pangyayari ay taliwas sa mga sinaunang pagtingin ng mga Yakan. Sapagkat ang kababaihan noon ay hindi na pinapag-aral at tinuturuan na lámang sila ng mga gawaing-bahay. Dahil ito sa paniniwalang kapag nag-asawa ay kailangan nilang pagsilbihan ang kanilang mga asawa, kayâ hindi na nila kailangan ng edukasyon (Alberto at Ibu 2018).

Sa kasalukuyan, naging katanggap-tanggap na rin sa ibang kultura ang tribu ng Yakan. Dahil dito, wala nang isinusumbong ang kanilang mga anak tungkol sa pambu-bully sa kanila dahil sa pagiging Yakan.

Ayon sa mga Yakan, nása 90–95% sa mga batàng Yakan na mag-aaral ang nakapagtapos sa elementarya, 80–90% ang nakapagtapos sa sekundarya, at 50–60% naman ang nakapagtatapos sa kolehiyo. Ang mababàng bahagdan na ito ng pagtatapos sa kolehiyo ay dahil na rin sa kahirapan, kakulangan sa pinansiyal na aspekto, at kaguluhan sa ilang pamayanan (Yunus 2018).



Larawan 9. Silid-aralan sa B. Aldana Central Elementary School sa Brgy. Limo-ok, Basilan

ESTRUKTURA NG KOMUNIDAD

Pamilya

Gaya ng isang karaniwang pamilyang Filipino, ang pamilya ng Yakan ay binubuo rin ng ama, ina, mga anak, at ilang mga kamag-anak. Kinikilala rin nila ang ama bílang punò ng pamilya sapagkat ito ang nakasaad sa **hadít** o sa banal na kasulatan ng Qur'an.

Sa kultura ng mga Yakan, asawang lalaki ang dapat na naghahanapbúhay para sa pamilya. Pinaniniwalaan nilang anumang pagkaing mula sa salapi o kíta ng babae ay **harám** o hindi maaaring kainin ng lalaki maliban na lámang kung ito ay kanilang pinagkasunduan. Ang kíta ng babae ay inilalaan lámang sa ibang bagay gaya ng gastos kapag may naospital o suliraning pangkalusugan. Maaari din itong gamítin sa ibang pangangailangan sa bahay at pamilya maliban sa pagkain. Sa kanilang kultura, kalalakihan ang dapat na maghanap ng pera para sa kanilang pagkain.



Larawan 10. Larawan ng Pamilya sa Yakan Village

Pinaniniwalaang ang mga asawang lalaki ang pangunahing tagapagtaguyod ng kanilang pamilya kayâ sa kanila iniaasa ang paghahanapbúhay upang maibigay ang lahat ng pangangailangan ng pamilya. Pagdatíng ng asawang lalaki mula sa paghahanapbúhay ay pinagsisilbihan siya ng kaniyang asawa. Hangga't maaari, babae na ang gumagawa ng lahat ng gawaing-bahay at hindi ito inuutos sa kanilang mga asawa. Ang hindi pagbibigay ng gawaing-bahay sa mga lalaki ay paraan ng pagpapakita ng respeto sa kanilang mga asawa.

Mayroon din silang paniniwala na kapag ginawa ito ng asawa at mga anak sa haligi ng tahanan, sila ay makapasok sa paraiso o **sulgâ** o **jànnah**. Gayunpaman, kung tutulong ang lalaki sa mga gawaing-bahay, ito ay dapat ayon sa kanilang sariling kagustuhan. Pagdatíng sa pagbibigay ng mana, nakasaad sa Qur'an na mas malaki ang mana ng mga anak na lalaki at kalahati lámang nitó ang para sa mga anak na babae. Ngunit lihis dito ang paniniwala sa kultura ng Yakan. Pantay-pantay ang paghahati-hati nila ng ipamamana sa kanilang mga anak—maging lalaki o babae.

Iba-iba rin ang ipinamamana sa mga anak depende sa mga ari-arian ng mga magulang. Sa mga pagkakataóng nais ipagbili ng mga anak ang kanilang minanang ari-arian, kailangan nila itong ipagpaalam sa kanilang magulang at mga kapatid. Ibinibilin ng mga magulang na hangga't maaari ay panatilin nila ito at sikaping hindi mawawala sa kanila. Inaasahan ang pagtutulongan ng magkakapatid na protektahan ang mga ari-ariang ipinamana ng kanilang mga magulang (Baul 2018).

Kapag nag-asawa na ang isang Yakan, maaari na siyang bumukod sa kaniyang magulang kung mayroon na siyang kakayahang buhayin ang sariling

pamilya. Ngunit kung hindi pa sapat ang kakayahan, maaari pa rin silang makitirá sa mga magulang ng lalaki o babae.

Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Dahil sa pagiging multikultural ng Basilan, karaniwan na sa mga Yakan ang pakikihalubilo sa ibang pangkat-etniko. Ayon sa mga Yakan, mas mataas ang kanilang pagtingin sa kalalakihan lalo na sa mga haligi ng tahanan sapagkat ito ay nakabatay sa kanilang kultura. Gayunpaman, naroon pa rin ang kanilang paggalang sa kababaihan lalo na sa mga matatanda. Bagama't maganda ang samahán ng mga Yakan sa kanilang komunidad, hindi pa rin maiiwasan ang pagkakaroon ng alitan sa ibang mga kasapi.



Larawan 11. Pagtitipon-tipon sa Lamitan, Basilan

Panliligaw

Ayon sa mga lalaking Yakan, ang mga katangiang hinahanap nila sa mga babaeng Yakan ay ang pagiging relihiyosa, maunawain, magaganda, hindi palaging lumalabas ng bahay, marunong sa gawaing bahay, at mahaba ang buhok. Para sa kanila, mas nakaaakit ang dalagang may mahabang buhok na lalong nagpapatingkad ng kagandahan. Para naman sa kababaihan, pinipili nila ang mga lalaking mapagmahal, mapag-aruga, may kakayahang sumuporta ng pamilya, at maaaring tumayô bílang ama ng tahanan. Bagama't buháy pa rin sa kultura ng mga Yakan ang ipinagkasundong kasal, mas pinaiiral ng mga Yakan ang pagbibigay ng kalayaan sa kanilang mga anak na manligaw sa mga táong napupusuan nila. Sa kultura din ng Yakan, ang mga lalaki ang dapat na manligaw sa mga babae.

Pamamanhikan

Nabanggit ng mga Yakan ang pagkakaiba ng pamamanhikan noon (1970–1990) sa makabagong panahon ng pamamanhikan (1991 hanggang sa kasalukuyan). Dahil ito sa hindi na naipása ng kanilang mga ninuno sa kasalukuyang henerasyon ang nakasanayan nilang mga pamahiin sa pamamanhikan. Kung mayroon mang isinagasawa pa, hindi na kompleto gaya nang dati. Bagama’t may pagkakaiba na sa paraan ng pamamanhikan ng mga Yakan noon at ngayon, ang pamamanhikan ay hindi pa rin nawawala sa kultura ng mga Yakan.

Kapag ang magkasintahan ay nagdesisyon nang magpakasal, ipinaplano na ng lalaki at mga magulang nitó ang pagtungo sa bahay ng kaniyang kasintahan upang ipagtapat sa mga magulang ng babae ang pagnanais na pakasalan ang kanilang anak. Tanging ang ama ng lalaki at kasámang **imam** o sinumang namumunò sa relihiyong Islam ang makikipag-usap sa pamilya ng babae tungkol sa pagpapakasal ng kani-kanilang mga anak. Sa oras na iyon, hindi maaaring magpakíta ang anak na babae o makikipag-usap man lámang sa pamilya ng lalaking namanhikan.

Pagkatapos sumang-ayon ng pamilya ng babae sa magaganap na kasalan, pag-uusapan na rin nila ang bigay-káya na ibibigay ng namamanhikan na tinatawag na *dowry*. Ang *dowry* ay anumang bagay o halaga na mapagkakasunduan ng mga magulang ng ikakasal. Kung walang sapat na halaga ang lalaking namamanhikan, ngunit siya ay nagustuhan ng mga magulang ng babae, maaari din siyang magbigay ng serbisyo gaya ng pagsasagawa ng mga gawain sa bahay ng babae. Ang pagbibigay ng *dowry* ay maaaring bagay na pinagkasunduan, **sukát** o hiling at/o kondisyon ng magulang ng babae. Kabílang sa **sukát** ang mga bagay na dapat ibigay o gawin ng isang lalaki na nais pakasalan ang kanilang anak. Sa pamamagitan ng ganitong paraan ay masusubok ng kagustuhan ng lalaki na makasal sa babae. Kinakailangang maibigay ang pinagkasunduang ito o maipasá ang pagsubok upang pumayag ang mga magulang ng babae at maikasal sila (Dahoroy 2018).

Dahil mataas ang pagtingin ng mga Yakan sa isang ama bílang pinunò ng tahanan, higit na isinaalang-alang ang kaniyang **wàli** o basbas sa kasal ng kaniyang anak. Sa usapin ng halaga o *dowry*, hindi masyadong binibigyang diin ang halaga nitó. Sa pagbibigay ng desisyon sa halaga ng *dowry*, ito ay manggagaling sa mga **usba**. Ang mga kabílang sa **usba** ay mga kaaanak na lalaki ng babaeng ikakasal. Kabílang dito ang kaniyang ama, tiyuhin, mga kapatid na lalaking nása wastong gulang na o 18 taong gulang pataas pati na rin ang kaniyang mga lolo.

Kung hindi káya o hindi nagkasundo sa *dowry*, ihihinto rin ang usapan ng pagpapakasal. Subalit ang usaping pag-atras ng lalaki sa kasal dahil hindi nitó káyang ibigay ang *dowry* na hinihingi ng pamilya ng babae ay maaari pa ring pag-usapan lalo na kung nakikíta nilang may mabuting kalooban ang lalaki. Sa mga pagkakataóng

sinusubok ang lalaki, hindi pumasá, o hindi naibigan ang kaniyang ginawa ay ibabalik ang kaniyang *dowry*. Ngunit sa usaping kasal, pinakahulíng proseso ang pagbibigay ng *dowry*. Madalas kung tinanggap na ang *dowry*, maaaring ito na ang hudyat na tuloy ang kasal.

Ang konsepto ng **usba-waris** ang sinusunod sa lahat ng pagkakataon kung ang pag-uusapan ay batas o pagdedesisyon. Itinuturing na walang bisa ang kasal kung hindi nagbigay ng **wali** ang ama ng babae. Naaayon ito sa konsepto ng **usbà-wàris** na sinusunod ng Yakan. Bago ikasal ang Yakan, tanging ang ama o ang **usba** lámang ang pinahihintulutan na magbigay ng **wàli**. Ngunit sa mga pagkakataon na ulila na sa ama ang babaeng ikakasal, ang tiyuhin sa panig ng kaniyang ama na nása edad 18 taon pataas ang maaaring humalili sa pagbibigay ng basbas sa kasal. Sakaling walang tiyuhin, pinahihintulutan ang kapatíd na lalaki na nása 18 taong gulang ang magbibigay ng **wàli** (Dahoroy 2018).

Kapag napagkasunduan at naibigay na ang *dowry*, itatakda na ang araw ng kasal at pag-uusapan na ang mga paghahandang gagawin na pagtutulungan ng mga kamag-anak ng lalaki at babaeng ikakasal. Dagdag pa rito, ang lahat ng gagastusin sa kasal ay sasagutin ng lalaki ngunit maaari din namang kusang-loob na tumulong ang mga magulang ng babae.

Dagdag pa ni Dahoroy, may kaugalian din ang Yakan tulad ng kasal na ipinagkasundo. Kasabay ng kaugaliang ito ang tinatawag nilang **magtunggu tunáng** o estado ng relasyon ng dalawang táong ipinagkasundo ng mga magulang na ipakasal sa takdang panahon. Dagdag pa niya, ang sistema ng pag-aasawa noon ay nakasalalay sa kagustuhan ng magulang ng lalaki. Ang magulang niya ang pumipili sa **pinaandàhan** o babaeng pakakasalan. May ilang batayan sila sa mga katangian ng babaeng dapat maging asawa ng kanilang anak. Isa sa isinasaalang-alang nila ay ang pag-uugali. Dapat taglay nitó ang sumusunod na katangian: magalang, píno kapag kumilos, masipag sa gawaing bahay, at higit sa lahat hindi laging lumalabas ng bahay. Ang mga katangiang ito ay maaaring batay sa obserbasyon ng mga magulang ng lalaki o rekomendasyon ng ibang kamag-anak.

Sa panig naman ng babae, magulang rin ang nagpapasiyá para sa kaniya. Kung magugustuhan nila ang pamilya ng lalaking namamanhikan ay itatakda agad ang kasal. Kung wala pa sa hustong gulang ang lalaki at babae, iiral ang **magtunggu tunáng** hanggang sa sumapit sila sa hustong edad. Ang hustong gulang ay tumutukoy sa kahandaan ng mga Yakan sa pag-aasawa, ngunit karamihan ay sumusunod sa edad na 18 taóng gulang pataas. Kapag mas batà pa sa edad na ito ang magkasintahan, ang mga magulang nila ang makapagsasabi kung handa na ang kanilang mga anak sa pag-aasawa. Ayon naman kay Buenaobra (2003), sa gulang na nagsimula nang maramdaman ang pagkabasâ ng maselang bahagi na tanda ng pagbibinata at ang babae ay nirereгла na palatandaan sa kababaihang Yakan, ang dalawa ay itinuturing na handa nang mag-asawa. Gayunpaman, hindi pa maaaring

magsáma ang magkasintahan sa iisang bahay hangga't hindi pa dumarating ang hustong gulang.

Kapag naganap ang **magtunggù tunáng** o ang pagkakasundo ng mga magulang na ipakasal ang kanilang mga anak, ito ay maaaring may kasulatan o wala, depende sa kagustuhan ng mga magulang na nag-usap. Gayunpaman, kailangan pa rin ang mga saksi sa isinagawang pag-uusap na kadalasan ay mga kamag-anak lámang nila.

Pag-aasawa

Ang seremonya ng pag-aasawa ay umaabot nang tatlong araw. Sa unang araw ng pagsisimula ng seremonya, ang babaeng ikakasal ay nása loob lámang ng isang kulambo na gawa sa iba't ibang kulay na tela. Ito ay inilalagay sa sála kung saan magaganap ang kasalan. Itinatago muna ang babaeng ikakasal sa loob ng kulambong ito. Pinagsusuot na rin ang mga ikakasal ng damit ng Yakan o **semmék-Yàkan**.

Ang parehong ikakasal ay may kulay puting pinta sa mukha na tinatawag na **tànyak-tànyak** at kulay itim o **bùling** sa kilay. Ang pagpipinta sa mukha ng babaeng ikakasal ay maaaring gawin ng kamag-anak ng ikakasal o sinumang may kaalaman dito.



Larawan 12. Pag-iisang Dibdib
Suot ang **Semmék-Yàkan**

Ang ikalawang araw ng kasal ay may kinalaman sa paniniwalang Islam. Ito ay pinangungunahan ng Imam na nakaupo sa harap ng babae. Ang kamay ng ikakasal ay natatakpan ng puting tela. Ipatatong ng Imam ang kaniyang kamay sa ibabaw ng ulo ng lalaking ikakasal habang itinatanong kung pakakasalan niya ang babae.

Kapag ipinahayag na ng lalaki ang kaniyang hangaring pakasalan ang babae, sisimulan na ng Imam ang sermon. Sasabihin niya sa ikinakasal ang mga tungkulin at responsibilidad ng mag-asawa alinsunod sa paniniwala ng relihiyong Islam.

Sa ikalawang araw ng kasal, maaari nang umupo ang babaeng ikinakasal sa tabi ng kaniyang mapapangasawa. Sisimulan ang seremonya sa pamamagitan ng pagkuha ng Imam ng bigas mula sa lalaking ikakasal at ilalagay ang ilang butil sa kaniyang palad. Ang seremonyang ito ay upang magkaroon ng masaganang búhay ang ikinakasal sa píling ng bawat isa.

Sa ikatlong araw ng kasal ay isasagawa ang **pagpàndi pangàntin, inarî-arìhan, magbasá kàwin, magpatabál-magsail, magsiríl, at magtìngkuwang-usùngan**. Pangungunahan pa rin ng Imam ang mga seremonyang ito sa tulong ng matatandang Yakan na kaanak ng ikinakasal.

Sa pagtatapos ng ikatlong araw ng seremonya, dadalihin ang babae sa bahay ng lalaki sa isang saradong **usùngan** kung saan nakasakay rin ang lalaki rito. Ang **usungán** ay isang maliit na bahay na gawa sa kahoy kung saan isinasakay ang babaeng ikinasal kapag dadalihin na siya sa lugar ng pagdarausan ng kasal. Binubuhat ito ng apat na tao gámit ang kawayan o kahoy. Maaari muna silang tumuloy sa bahay ng lalaki o babae hanggang sa magkaroon sila ng sariling tahanan.

Ayon sa batas ng Islam, ang lalaki ay maaaring magkaroon ng hanggang apat na asawa. Kailangan lámang mapagkasunduan ng kasalukuyang asawa o naunang mga asawa bago magkakaroon ng iba pang asawa ang lalaking Yakan. Gayunpaman, may mga pagkakataon na kahit ayaw ng mga naunang asawa ay nakakapag-asawa pa rin ang lalaking Yakan, kayâ madalas, ito ang dahilan ng kanilang hiwalayan. Hindi naman pinahihintulutan ang babaeng Yakan sa pagkakaroon ng ibang asawa (Ilul 2018).

Pinahihintulutan din ang diborsiyo kung ito ay desisyon ng lalaki. Kapag hiwalay na ang mag-asawa, ang mga anak ay maaaring manatili sa ama o sa kanilang ina o kung kanino nila nais tumirá anuman ang kanilang edad. Ngunit kadalasan, ang mga anak na wala pang 18 taóng gulang ay tumitirá sa píling ng ina.

Sa usapin ng diborsiyo, sinusunod din ng mga Yakan na nananampalataya sa relihiyong Islam kung ano ang nakasaad sa kanilang Qur'an. Anila, hangga't maaari ay iwasan ang legal na hiwalayan o diborsiyo sa relasyon ng mag-asawang Yakan.

Bagama't karaniwan sa mag-asawa ang pagkakaroon ng mga problema sa isa't isa, kailangang habaan ang pasensiya at pag-unawa sa kanilang asawa. Sapagkat nakasaad sa Qur'an ang ganitong pahayag na mababasa sa bahaging **Surah At-Talaq**:

O propeta! Kung kayo ay magdidiborsiyo ng mga babae, hiwalayan sila sa kanilang Iddah (takdang panahon) at inyong bilangin ang kanilang Iddah sa tama (kaukulang) bílang nitó. At matakot sa Allah, ang inyong Rabb (Panginoon) at huwag silang itaboy mula sa kani-kanilang tahanan, at huwag din namang hayaan na sila'y lumisan maliban kung sila ay nagkasála ng hayag na kalaswaan. Ito ang hangganang itinakda ni Allah at sinumang lumabag sa itinakdang hangganan ng Allah, samakatwid, tunay na siya ay nagsála sa kaniyang sarili. Hindi ninyo nababatid na maaaring pagkaraan nitó, ang Allah ay magkakaloob sa inyo ng mga mabubuting bagay o Kaniyang panunumbalikin ang dáting ugnayan o magandang damdamin ninyo sa isa't isa kung ito ang una at ikalawang paghihiwalay lámang.

SISTEMA NG PAMAMAHALA

Kapangyarihan at Pamumunò

Noon, ang mga Yakan ay pinamumunuan ng datu. Ang datu ang pinakamakapangyarihan at ang kaniyang mga salita ang batas ng kaniyang nasasakupan. Sa kasalukuyan, tinatawag na *Indigenous People Mandatory Representative* (IPMR) ang mga Yakan na namumuno sa kanilang mga lugar.



Larawan 13. IPMR ng Sacol Island, Lungsod Zamboanga

Sapagkat sila ay kabílang sa Indigenous Peoples (IP), sila ay may sinusunod na estruktura mula sa pinakamataas sa kanilang lipunan hanggang sa pinakamababang kasapi ng tribu ng Yakan. Bawat barangay ay pinamumunuan ng mga IPMR. Sila ay pinili ng mga kapuwa Yakan na naninirahan sa isang komunidad. Halos katulad din ng kagawad ng barangay ang kanilang mga gampanin at tungkulin sa komunidad. Ilan sa pagkakatulad na ito ay pagiging tagapamayapa sa pagitan ng mga Yakan na may alitan o sigalot. Sila ang tumatayông imbestigador at maaari ding magpataw ng kaukulang parusa sa sinumang lumabag sa batas ng kanilang tribu. Samantala, sa sandaling hindi naaayos ng mga IPMR ang mga alitang kinasangkutan ng mga kapuwa Yakan, idinudulog na nila ito sa mga pulis.

Bukod sa mga IPMR, maaari ding tumulong ang Lupon ng Tagapamayapa ng barangay, Imam, at mga magulang sa pagsasaayos ng anumang kaguluhan sa komunidad. Ang IPMR ay maaaring isang babae o lalaki, depende kung sino ang pinili ng nakararaming Yakan. Hindi ito isinasagawa sa pamamagitan ng halalan, pinagkakasunduan lámang ng mga Yakan lalo na ang mga nakatataas sa posisyon kung sino ang pipiliin nilang IPMR sa bawat barangay.

Sa pagpili ng kanilang lider, ilan sa katangiang kanilang hinahanap ay ang pagkakaroon ng mataas na pinag-aralan, sapat na kaalaman o karunungan sa pagpapataw ng kaparusahan, may pantay na pagtingin sa kung anong pangkat ang kinabibilangan, matulungin sa kapuwa, at higit sa lahat ay may takot sa Allah (Yunus 2018). Tatlong taon ang tagal ng paglilingkod ng kanilang pinuno sa kanilang komunidad.

Ang estrukturang politikal ng Yakan ay tinatawag na **Sarâ sin Kapapûan**. Paraan o proseso ito sa pagpili ng pinuno ng mga Yakan na batay sa desisyon ng nakararami sa patnubay ng NCIP at Department of Interior of Local Government (DILG). Ito'y mula sa **Datu**, ang pinuno ng lalawigan; **Ràja**, pinuno ng lungsod; **Maharàja**, pinuno ng bayan; at **Panglima** (lalaki) o **Dàyang- Dàyang** (babae), pinuno ng barangay.

Ayon sa mga matatandang Yakan, ang datu ang tagapagatupad ng batas, tagapagpaganap, at hukom. Siya rin ang itinuturing na punong militar sa pamayanan. Sa pagpili ng datu, tinitingnan ang lakas, tapang, at tatag ng loob ng isang tao upang matiyak ang kakayahan nitóng ipagtanggol ang kaniyang barangay sa mga kaaway. Ang pagiging datu ay maaaring namamána. Kapag namatay ang datu na walang anak na babae o lalaki, ang mga tao sa barangay ang pipili sa bagong datu ngunit siya ay dapat na pinakamayaman, pinakamakisig, pinakamatapang, at pinakamatalino.

Sistemang Panghustisya

Sa kasalukuyan, sinusunod ng mga Yakan ang batas na ipinatutupad ng barangay o lokal na batas, maliban kung ito ay labag sa batas ng kanilang kultura.

Bilang mga lider ng kanilang pangkat, may atas din silang tumulong sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa kani-kanilang komunidad. Kayâ, kapag may kaguluhan, sila muna ang nakikipag-usap sa mga táong sangkot at sinisikap nilang maayos ang anumang kaguluhan upang hindi na ito humantong sa mas malalâng sitwasyon. Ngunit kung ayaw makipag-ayos ang isang panig, saka nila iniendoso ang kaso sa barangay o kapulisan.



Larawan 14 Sergio Ilul, Tribal Leader ng Upper Calarian, Lungsod Zamboanga

Isa pang paraan ng kanilang pag-aayos sa komunidad ay ang pagmumulta sa táong may kasalanan. Ang halaga ng multang ibibigay niya ay depende sa bigat ng kaniyang kasalanan. Nagkakaroon muna ng pag-uusap o **pegsulút-sulùtan** upang magkasundo sa halagang kaniyang ibibigay na tinatawag na **diát** o *blood money* (Langkahan 2018).

SISTEMANG PANGKABUHAYAN

Sa taglay na likas na yaman ng Basilan at Zamboanga, hindi mapasusubalian na sagana ang maihahandog ng bayang ito. Sa mga yamang likas na ito nagkakaroon ng hanapbúhay ang mga tao.

Pagtatanim

Ang pagtatanim ng goma ang pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Basilan. Nagsimula ito noong panahon ng mga Amerikano at nanatili hanggang sa kasalukuyan. Ayon sa mga Yakan, sa probinsiya ng Basilan naitatag ang kauna-unahang pangkomersiyong *rubber plantation* na American Rubber Corporation noong 1900's na pagmamay-ari ng Amerikanong si Dr. James Strong. Sa

kasalukuyan, marami na ring mga kooperatiba ang nagpapatakbo ng mga gomahan kung kayâ ang Basilan ang nangungunang plantasyon ng goma sa buong bansa.



Larawan 15. Mga Puno ng Saging



Larawan 16. Puno ng Goma

Paghahabi

Bukod sa pagtatanim, kilala din ang mga Yakan sa paghahabi ng tela na may iba't ibang disenyo. Ang mga disenyong ito ay mga nakikita lámang nila sa kanilang paligid gaya ng mga dahon at mga hayop. Ang kanilang kaalaman sa paghahabi ay kanila ring namána sa mga ninuno nila na naipása sa mga henerasyon. Ang paghahabi ay isa mga pangunahing hanapbuhay ng mga babaeng Yakan sa Basilan at Zamboanga. Kilala ang Lungsod Lamitan ng Basilan sa may pinakamaraming Yakan na marunong maghabi samantala mayroon din naman sa Upper Calarian, Zamboanga.



Larawan 17. Paghabi sa Yakan Weaving Center

Dahil sa galíng nila sa paghahabi at mga magagandang disenyo ng mga habing tela na gawa ng mga Yakan ng Basilan at Zamboanga, isa sa dinarayo ng mga turista ang Yakan Weaving Center (YWC) na matatagpuan sa Upper Calarian, Lungsod Zamboanga.

Ang pagbuo ng kanilang pananamit sa pamamagitan ng paghahabi ay naging bahagi na ng identidad na naiuugnay sa iba-ibang salik gaya ng kultura at kapaligiran. Ang kanilang mga kasuotan na mula sa hinabing tela ay nababagay sa malamig na klima ng lugar lalo na sa mga nakatirá sa matataas na lugar.

Ang paghahabi ang isa sa mga gawain na naipamána sa mga Yakan ng kanilang mga ninuno. Ito ay nakahiligan nang gawain ng mga babaeng Yakan. Hanggang sa kalaunan, nakitaan ng oportunidad na kumitá ng pera kayâ naging hanapbuhay hanggang sa kasalukuyan. Sa panahon ng kanilang mga ninuno, gumagamit lámang sila ng hibla ng pinya at sinulid na *cotton*. Mula sa pinatuyong dahon ng pinya ay pinaghihiwalay-hiwalay nila ang mga hibla nitó upang gamíting panghabi. Ito ay dahil wala pang ipinambibiling mga modernong sinulid noon.



Larawan 18. Paghahabi ng mga Batà

Sa kasalukuyan, mas naging moderno na ang paghahabi sapagkat mas naging moderno na rin ang mga kagamitan gaya ng iba't ibang kulay ng sinulid na maaari nang mabili. Mas naging malikhain at mas makulay na rin ang mga Yakan sa mga disenyong kanilang ginagawa. Kung noon ay nakabatay lámang sa kanilang nakikíta sa paligid, ngayon ay iba't ibang disenyo na ang nabubuo ng mga manghahabi mula sa kanilang imahinasyon at kalikasan na nilagyan ng anyong *geometric* (Pasilan

2015). Kilala rin ang mga Yakan na isa sa pinakamagagalíng na manghahabi sa katimugan ng Pilipinas. Nakaaakit ang kanilang mga disenyo at paraan ng paghahabi na tinatawag na **suwáh bèkkat** na gaya ng *cross-stitch* at **suwáh pèndan** gaya ng pag-embroidery. Ang gawaing ito ay nagsimula noong kalagitnaan ng 1980. Ang gawaing ito ay pampalipas-oras lámang ng kababaihan noon hanggang sa kanila itong nakagawian. Bagama't sinasabi ng mga Yakan na ito ay gawaing pambabae, mayroon ding mga lalaking Yakan ang marunong maghabi, kayâ lang, mas mahuhusay pa rin ang kababaihan.

Sa paghahabi, bukod sa mga pangunahing kagamitan, kailangang matalas ang memorya ng isang naghahabi upang magaya niya ang iba't ibang padron o disenyo. Gaya rin ng anumang gawain, kinakailangan ang pagsasanay o kung maaari ay ang araw-araw na paghahabi upang tuluyang malinang ang kasanayang ito. Nakasanayan noon na kapag may babaeng sanggol na Yakan ang ipinapanganak, ipinampuputol ng **pandéy** o komadrona sa pusod ng sanggol ang **beyré** o isang kahoy na ginagamit sa paghahabi. Ito ay ginagawa sa paniniwalang lalakíng mahusay na manghahabi ang batà.

Sa Barangay Balobo, Lamitan, mga Yakan ang gumagawa ng mga **saisig** o sawali. Ang paggawa ng **saisíg** ay namána pa nila sa kanilang mga magulang. Ginagamit ang **saisig** bílang dingding ng mga bahay. Ito ay gawa sa mga muràng kawayan na tinatawag na **kànnas**.



Larawan 19. Pagbuo ng Sawali

Sa isang araw, nakagagawa sila ng labinlimang **saisíg** na kanilang ibinebenta sa halagang ₱120.00. Iniluluwas rin nila ang mga **saisíg** sa kabayanan ng Lamitan at Isabela. Kung minsan, may mga táong sumasadya roon upang bumili. Minsan naman

ay **tinandànan** sila o bayad sa serbisyo ng paggawa ng sawali ang ibinibigay lang sa kanila. Labinlimang piso ang bayad sa bawat sawaling matatapos nila. (Kamais, 2018). Mayroon din silang mga paniniwala na mas mainam ang pumutol ng kawayang **kànnas** tuwing bilog ang buwan sapagkat hindi madalîng bukbukin o masira ang sawali.

Pangingisda

Bukod sa pagtatanim at paghahabi, isa rin sa pangunahing hanapbuhay ng mga Yakan lalo na sa Isla ng Sacol ay ang pangingisda. Ito ay sa dahilang napaliligiran sila mga yamang tubig na maaaring kuhaan ng mga isda at iba pang yamang dagat. Ito rin ang isa sa mga dahilan ng kanilang paninirahan sa mga isla at tabing-dagat sapagkat naroon ang kanilang mga hanapbuhay.



Larawan 20. Taping-dagat ng Sumagdang Lungsod Isabela, Basilan

Pangingisda rin ang isa sa mga hanapbuhay ng mga Yakan sa Sumagdang, Isabela sapagkat ang komunidad na ito ay malápit sa dalampasigan. (Nurul 2018). Sa pangingisda, may kakaibang paraan na ginagamit ang mga Yakan sa panghuhúli, ang **mag-gàsi**. Ang **gasî** ay isang uri ng punò na ang dahon at bunga ay dinidikdik upang gamíting panlason ng isda sa ilog.

Isa ito sa mga kuwentong nagpapatunay ng pagiging mangingisda ng mga Yakan:

*Dambuwah ellew ginasi subah
Ponsayan in, leglag Teggihin duk
kemon aa sumabu si pag gasihanin...*

Isang araw, ginasi (nagpaanod ng gasi sa ilog) sa ilog ng Ponsayan ang mga magingisda, nagsilutangan ang nalasong mga Teggi (isdang malaki sa dilis, maliit naman kaysa Tamban). Halos naroon ang lahat ng tao at nakuhúli na rin...

Ayon kay Dahoroy, biniyayaan ang isla ng Basilan sa yamang lupa at yamang tubig. Kayâ hindi kataká-taká na iangkop ng mga Yakan ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay sa biyayang nakahain sa kanilang isla. Maaaring sabihin na magiging likas sa sinumang naninirahan sa isang isla, gaya ng Basilan, ang mamuhay nang payak sa pamamagitan ng pagsasáka, pangangaso, pag-aalaga ng hayop, at pangingisda sa ilog man o sa dagat.

Pamimilí at Pagtitinda ng Goma

Isa rin sa hanapbuhay ng mga Yakan ay ang pamimilí at pagtitinda ng goma na mula sa katas ng punò ng goma. Kumikíta sila ng 50 sentimo hanggang piso sa bawat kílo ng gomang ipinagbibili nila. Ngunit, ang ganitong kabuhayan ay hindi pare-pareho ang kinikita kada buwan. (Yunus 2018).

Nagsimula ang hanapbuhay na ito ng mga Yakan sa Basilan nang ikonsulta ni Dr. Strong kay Padre Zamora, isang kilalang *botanist* mula sa Pamantasan ng Santo Tomas sa Maynila. Gumawa sila ng eksperimento upang maláman kung mabubúhay ang tanim na goma sa uri ng lupa at klima ng Basilan. Naging matagumpay ang eksperimento kayâ sinimulan na ang negosyo kasáma ang J.M Menzi Corporation bílang pangunahin nilang stockholder (PDDO 2015). Nang lumalago na ang negosyo sa pagtatanim ng goma, nagsimula na ring lumaki ang lupang tataniman ng mga goma hanggang sa kumuha na ang kompanya ng mga magsasakáng Yakan na tutulong sa pagtatanim ng mga punò ng goma. Hanggang sa ngayon, ang pagtatanim ng punò ng goma ay naipamána na rin ng mga Yakan sa kanilang mga anak.

Mayroon din silang paniniwala sa pagtatanim ng goma. Sa pagtatanim ng similya ng goma, kinakailangang malusog ang pangangatawan at masayá ang pakiramdam ng magtatanim upang mabilis ang pagtubò ng punò at maraming dagtang ilalabas ang mga balát. Kapag tumigas at naging goma na ang unang dagtang isinahod mula sa balát ng punò, hinihiwa muli ang balát ng punò at isasahod sa plastik na nakatali naman sa katawan ng punò ang mga bagong dagtang lalabas sa punò. Kapag tumigas na ang dagta, kinukuha at dinadalá ito sa tambakan o bodega ng goma at doon ito pinatutuyo hanggang sa tumigas nang bahagya o maging goma na. Ang

mabilis na pagtigas ng mga dagta ay nakadepende din sa panahon. Batay sa karanasan ng mga manggogomang Yakan, mas mabilis tumigas ang dagta at nagiging goma kapag tuloy-tuloy ang malamig na panahon. Mula puti ay magiging kulay-kayumanggi ang dagta na may mabahong amoy.

Isa sa pangunahing hanapbuhay ng mga Yakan ay ang pagtatanim ng iba't ibang produkto. Kabílang sa mga produktong makikita sa mga lupain ng Basilan ay mais, kamoteng-kahoy, iba't ibang prutas gaya ng saging, lansones, rambutan. Bukod sa mga nabanggit na mga prutas, pinakakilala rin at pinagkakakitaan ang goma. Ang mga pananim na ito ay ibinebenta nila sa mga pampublikong pamilihan. Kung marami ang produkto, iniluluwas ito sa kalapít na lungsod gaya ng Zamboanga.



Larawan 21. Taníman ng Goma

Tampok sa **kissá** o kuwentong ibinahagi ng informant mula sa Isabela Basilan, ang mga alamat tungkol sa pangunahing pamumuhay ng mga Yakan. Isa rito ay ang **magtána** o magsáka. Halaw mula sa alamat na pinamagatang **Si Kuya duk si Katuli** o Si Kuya at si Katuli.

...dinaak weh Katuli' pili anda nen hap matettoe ne maku binhi kaw niya pe talebbi bakas tangan si Kuya. Buh ne pili nengge ne paley nen, nengge ne uyat nen, ellum ne kamunti' nen, ellum ne tebbu nen. ...dinaak weh Katuli' ineditto' pisi Putli sai sama nen, meh pungtinai nen dinaak pi si tana'

...inutusan ni Katuli ang kaniyang asawa na bumalik sa kanila at humingi ng binhi (ng palay) at magbakasakaling may natirá pa mula sa pinagtaniman ni Kuya. Tumubo na ang itinanim niyang palay, saging, kamote at tubo... ipinag-utos ni Katuli kay Putli na hingin ang tulong ng de

miyaan, dinaak kinettuan meh paley in. Pegge gai tapauli si Putli dindangan ne.”

kaniyang magulang at mga kapatid na anihin ang palay sapagkat hindi niya ito kakayaning mag-isa (*salin ni Juhra Dahoroy*).

Isa pang alamat na nagpapatunay sa pagiging magsasaká ng mga Yakan noon pa mang unang panahon ang **We ey Kaalènan Basilan Pulú itu?** o Paanong nabansagang Basilan ang Pulong ito?

Buh paruwa’ si bangka patudju pi hap pulu dindangan ne isi bangka nen agal- agal, gamey, sampinah, kalari, putusan kamunti’ kayu, tibangkal duk kemon ne, basta da gangan maka penno’ bangka nen.

Tumungo siya sa pulo nang mag-isa sakay ng kaniyang bangka, samantala, napunô ng mga paninda ang kaniyang bangka gaya ng agal-agal, gamey, sampinah (isdang tuyo), kalari (varyant ng gabi), putusan kamunti kayu (kamoteng kahoy), tibangkal (varyant ng kamoteng kahoy na nailalaga at nakabalot na at handa nang ibenta).

Sa pag-aaral ni Fernando (2013), na sinang-ayunan ng mga informant na Yakan, ang mayamang lupain ng Lamitan ay dahil sa apat na uri ng lupa: **bangán** o *clay loam*, **bulawén** o *clay, loam*, at *mountain soil* na angkop sa kanilang produktong agrikultural gaya ng niyog, goma, mais, palay, kape, paminta, at sitrus.

Ang niyog ay isa sa mga pangunahing pananim na mainam sa klima ng Basilan. Kayâ, ang hanapbuhay na ito ay isa rin sa ipinagmamalaki ng mga Basileño. Mahalaga ang bawat bahagi ng niyog mula sa ugat hanggang sa mga dahon. Ang katawan nitó ay maaaring gawing mga tabla na ipinagbibili upang gamítin sa pagpapatayô ng mga bahay. Ang mga bunga naman ay pinatatanda upang gawing kopra na kanilang ipinagbibili sa mga *copra dealer*.

RELIHIYON

Ayon sa pakikipanayam sa mga Imam at Uztadz na Yakan, 99% sa kanilang tribu ay sumusunod sa turo ng relihiyong Islam. Ang relihiyong ito ay nása Pilipinas na noon pa mang ika-14 na siglo na dinala ni Rajah Kabungsuhan sa Mindanao. Sinasabing sila ang tuluyang nagpalaganap ng relihiyon sa mga Yakan at sa buong Mindanao. Ito’y ayon kay Ustadz Ismael Iljas na pinatotohanan ng mga Yakan. Bagama’t magkatulad ang Imam at Uztadz sa kanilang tungkulin at hangaring ipalaganap ang relihiyong Islam, nagkakaiba sila sapagkat karamihan sa mga Uztadz ay nag-aaral ng Qur’an sa ibang bansa na nagpapalaganap din ng Islam gaya ng Saudi Arabia.

Ang Islam ay ang pagsuko sa Allah sa pamamagitan ng **tawheed** (pagbukod-tangi sa kaniya), ang pagpapaakay sa Kaniya sa pamamagitan ng pagtalima. Ang mga saligan nitó ay lima, binanggit ito ng propeta sa sinabi niya:

Itinatag ang islam sa lima: ang pagsasaksi na walang ibang tunay na Diyos maliban sa Allah at sa katotohanang si Muhammad ay sugo ng Allah; ang pataguyod sa **Saláh**, ang pagbibigay ng **Zakáh**; ang pagsasagawa ng hajj sa tahanan ng Allah, at ang pag-aayuno sa Ramadán. Ito ay wagas na pagkilala sa pagkakaroon nila, na nilikha lámang sila ng Allah upang sambahin siya at ipatupad ang kaniyang mga kautusan. Ang Allah ay nagsabi: bagkus sila ay mga lingkod na pinarangalan. Hindi nila inuunahan Siya sa pagsasalita, datapwa't paniniwala sa anghel ipinatutupad nila ang anumang ipinag-uutos Niya sa kanila (Qur'an 21: 26-27).

Pinamumunuan ng isang Ìmam at Uztádz ang pagdarasal o **salát**. Kailangang isagawa ito limang beses sa isang araw gaya ng paniniwala ng mga Yakan sa limang haligi ng Islam. Sila rin ang nagbibigay ng sermon o **khutbà** tuwing Biyernes. Nagdarasal ang mga Yakan sa mosque o **langgál**. Bukod sa pangunguna sa **salát**, ang Imam at Uztadz din ay maaaring magsagawa ng mga seremonya ng kasal, libing, paggungting, pagtatapos sa mga pag-aaral ng Qur'an o **pagtàmmat**, pananalangin kapag may sakit ang isang Yakan, at pananalangin ng pasasalamat o **du'áh salàmat** kay Allah sa ilang magandang kapalaran o sa panahon ng pag-aani.



Larawan 22. **Du'áh** ng mga Yakan

Bílang mga Muslim, ang mga Yakan ay naniniwala sa limang haligi ng Islam. Una ang **sahada**, paniniwalang walang ibang Diyos kung hindi si Allah lámang at si Muhammad ang kaniyang propeta. Ikalawa ang **salat** o pagdarasal. Limang

beses na nagdarasal ang mga Yakan. tuwing 4:30 ng umaga, 12:30 ng tanghali, 3:00 ng hapon, 6:00 ng gabi, at 7:30 ng gabi. Bago pupunta sa masjid na sinasambit din nila sa wikang Arabik ang dasal na:

Allaahummaj-al fee qalbi nooran, wa fee lisaani nooran, wa fee sam-i nooran, wa fee basari nooran, wa min fawqi nooran, wa min tahti nooran, wa an yameeni nooran, wa an shimaali nooran, wa min amaami nooran, wa min khalfi noora; waj-al fe nafsí nooran; wa à dhim lee nooran; wa à dhim lee nooran; waj-al lee nooran; waj-àlní nooran; allaahumma a tinee nooran; waj-al fee àsabí nooran, wa fee lahmí nooran, wa fee damí nooran wa fee sha rí nooran, wa fee basharí

O Allah, maglagay sa puso ng liwanag, sa dila ko ng liwanag, sa pandinig ko ng liwanag, sa gáwing kanan ko ng liwanag, sa itaas ko ng liwanag, sa harapan ko ng liwanag at sa likuran ko ng liwanag. Maglagay Ka sa sarili ko ng liwanag. Magpalaki Ka para sa akin ng liwanag. Magpalakas ka para sa akin ng liwanag. Maglagay Ka para sa akin ng liwanag. O Allah, bigyan Mo ako ng liwanag.

Bago ang pagdarasal o pagsambahayang, kinakailangan nilang maglinis ng katawan. Ang paglilinis ng katawan bago ang pagdarasal sa Masjid ay tinatawag ding **wudú**.

Hindi magiging tama ang **saláh** o pagdarasal nang walang **wudú**. Kinakailang ito ay sa tubig na nakalilinis; ang tubig na nananatili sa kalagayan ng pagkalikha rito o walang halong anumang bagay at kemikal.

Sinisimulan ang pagsasagawa ng **wudú** sa pamamagitan ng pagsambit ng **bismi'lláh**. Kinakailangan ang paghuhugas ng kamay sa bawat pagsasagawa ng **wudú** at tiyaking hindi hihigit sa tatlong beses ang paghuhugas sapagkat kanilang pinaniniwalaang kasusuklaman ang lalabis sa tatlo.



Larawan 23. Paghuhugas ng kamay sa pagsasagawa ng **wudú**



Larawan 24. Pagmumumog bago isagawa ang **Du'ah**

Pagkatapos ay magmumumog. Hindi sapat ang pagpasok ng tubig sa bibig at ibubuga lámang. Kailangang gumalaw-galaw ang tubig sa loob ng bibig. Pagkatapos ay suminghot gámit ang tubig at isisinga ito.

Hugasan ang mukha nang isang ulit mula sa isang tainga hanggang sa isa pang tainga sa dakong pahalang at mula sa babà hanggang sa bahaging karaniwang tinutubuan ng buhok. Pagkatapos ay hugasan ang kamay at mga braso mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa mga siko. Mainam na unahin ang kanang kamay bago ang kaliwang kamay.



Larawan 25. Paghugas ng mukha bago isagawa ang **Du'ah**



Larawan 26. Paghugas ng kamay at braso bago isagawa ang **Du'ah**

Pagkatapos ay hugasan ang kamay at mga braso mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa mga siko. Mainam na unahin ang kanang kamay bago ang kaliwang kamay.



Larawan 27. Pagpasok ng hintuturo sa butas ng tainga

Pagkatapos ay hahaplin ng mga kamay ang buong ulo, ipasok ang mga hintuturo sa butas ng mga tainga habang hinahaplos ng mga hinlalaki ang likod ng mga tainga.



Larawan 28. Paghugas ng paa bago isagawa ang **Du'ah**

Panghuli ay hugasan na ang mga paa kasáma ang mga bukong-bukong.

Ikatlo ang **pagpuàsa** o pag-aayuno na isinasagawa tuwing panahon ng Ramadan. Ayon sa mga Yakan na sumusunod sa pananampalatayang Islam, isinasatungkulin ang pag-aayuno sa Ramadan ng bawat Muslim na may tamang pag-iisip, may kakayahan nang mag-ayuno, at hindi nirereгла o may **nifas** (o pagdurugo sanhi ng panganganak). Maaari nang mag-aayuno ang isang batà kung kakayanin niya ito. Nagsisimula ang buwan ng Ramadan kapag lumabas na ang bagong buwan batay sa kalendaryo ng Islam.

Pang-apat ang **zakát pitlá** o pagkakawanggawa sa panahon din Ramadan. Nakasaad sa Surah Al-Kawthar:

Nga ngalan ng Allah ang mahabagin, ang maawain. Katotohanang aming ipinagkaloob sa iyo O Muhammad ang kasaganaan (Batis ng Kawthar). Samakatwid, ikaw ay dumalangin sa iyong Rabb at mag-alay. Katotohanan, ang sinumang masuklam at humamak sa iyo ay pagkakaitan ng pag-asa sa daigdig na ito at sa kabilang búhay.

Isinalaysay ni Sahl bin Sa'd:

...ang sugo ng Allah ay nagsabing “Ako at ang isang táong lumingap sa isang

ulila at nangangalaga sa kaniya ay papasok sa paraiso ng katulad nitó, at pinagdikit niya ang kaniyang hinlalaki at hintuturo. (Sahih Bukhari vol.8, Hadith bilang 34).

Isinalaysay ni Abi Hurayrah:

...ang sugo ng Allah ay nagsabi, “Ang isang lumingap sa isang dukha o isang balo ay katulad ng isang Muhajd o tulad din ng isang nagdarasal gabi-gabi at nag-aayuno sa lahat ng araw (Sahih Bukhari vol 7 Hadith blg 265).

Ang panghuli ang **hajj** o ang banal na paglalakbay o pagpunta sa Mecca. Isinasatungkulin ang pagsasagawa ng Hajj isang beses sa buong búhay. Maaaring mag-Hajj ang isang nananampalataya sa relihiyong Islam, may tamang pag-iisip, nása tamang gulang (maaari nang maglakbay sa ibang bansa) at may kakayahan sa mga guguguling halaga. Nakasaad sa Qur'an na:

Ang sinumang nagsagawa ng Hajj at hindi gumawa ng kalahayan at hindi sumuway ay babalik siya ng gaya ng araw na isinilang siya ng kanyang ina. At ang tanggap na Hajj ay walang gantimpala kundi ang Paraiso.

Samantala, ayon din sa mga Yakan, ang 1% ng mga Yakan ay sumusunod naman sa ibang relihiyon gaya ng Alliance at Katoliko Romano.

MATERYAL AT DI-MATERYAL NA KULTURA

Instrumentong Pangmusika

Mahilig sa musika ang mga Yakan. Makikita ito sa kanilang mga instrumento na nakabatay din sa kanilang kasaysayan at kultura. Isa sa mga hilig ng mga Yakan ay ang pagtugtog ng mga instrumentong ipinakilala pa sa kanila ng kanilang mga ninuno.

Ipinagmamalaki nila ang instrumentong pangmusika na **àgung**. Ibinibitin ito sa isang nakatayong tatlong poste. Binubuo ito ng tatlong bilog na tanso na karaniwang pinatutugtog nang sabay-sabay ng isang **meqlaboán** o manunugtog ng mga **àgung**. Kahit sino ay maaaring maging isang **meqlaboán**. Kailangan lámang mayroon siyang kaalaman sa tamang pagpapatunog ng **àgung** ayon sa okasyong ipinagdiriwang.

Magkakaiba ang laki ng mga tansong ito. **Larukán** ang tawag sa pinakamalaking **àgung**, **pangantànan** ang katamtamanang laki, at **laboán** ang pinakamaliit na **àgung**. Ito ay kadalasang pinatutunog kapag may kasalan. Maaari ding magpatugtog ng **àgung** tuwing may patay kung ito ay hihilingin ng pamilya ng yumao ngunit ang **laboán** lámang ang maaaring gamítin. Pinatutunog ito sa katamtamang tempo upang ipaalam ang pagsisimula ng pagpupulong. Kapag may

emergency o panganib na darating, pinatutunog naman ito nang mabilis at tuloy-tuloy.



Larawan 29. Meglaboán

Ang pagtugtog ng agung kung may patay o **àbut-àbut** ay isinasagawa sa pamamagitan nang mabagal na pagpalo sa **laboán** na may mababang himig (pitch). Sinasabayan ito ng pag-awit ng **sail** na pinapangunahan ng mga matatandang Yakan.



Larawan 30. Larukán, Pangantànan, at Laboán

Ang **tuntungan** ay ginagamit sa mga seremonya ng pasasalamat pagkatapos ng isang masaganang ani. Ito ay instrumentong gawa sa Yakal at tatlong iba't ibang hugis na bao na lumilikha ng magandang tunog. Binubuo ng mga nakabíting bao na tinatawag na **palará** at **mepék** na isang maliit na kahoy na pampukpok sa **tuntungan**.



Larawan 31. Tuntungan



Larawan 32. Gàbbang

Ang **gàbbang** ay instrumentong pangmusika na binubuo ng limang matitibay na kawayan. Ipinatong ito sa malit na kahon na nagbibigay ng iba't ibang tunog (*resonator*) sa mga kawayan kapag ito ay pinukpok o pinatutunog gamit ang dalawang matitigas na uri ng kahoy.

Ang **kwintàngan kàyu** ay gawa sa limang mahahabang bilog at matitibay na kahoy. Ang bawat kahoy ay nakatali at isinabit sa isang matibay na kahoy. Gumagamit din ng dalawang matitigas na kahoy sa pagpapatunog nitó at dahil sa bigat ng instrumentong. Madalas, pinatutunog ito ng dalawang tao.



Larawan 32. Kwintàngan Kàyu

Katutubong Sayaw

Ang pinakakilalang sayaw ng mga Yakan ay tinatawag na **tumàhik** o *war dance*. Ito ay sinasayaw lámang ng kalalakihan sapagkat sa panahon ni Datu Kalun (1900's), ang **tumahik** ay ginagamit sa aktuwal na labanán o sagupaan. Mahalaga ang sayaw na ito dahil may malaking gampanin sa **pagkawín** o kasalan. Hindi pinapayagan ang lalaking ikakasal na umakyat sa bahay ng babae kung walang **tumahik** na nagaganap. Sa sayaw na ito, ipinakikita ang kakisigan ng lalaking ikakasal. Isinisiwalat ang lakas na sumisimbolo na káya niyang protektahan ang kaniyang asawa't pamilya at ipinantataboy ang mga masasamang espiritu (Pasilan 2015).

Sa pagsasayaw ng **Tumahik**, nakasuot ang mga lalaki ng mga kasuotang pang-Yakan tulad ng **badjú**, **sawál**, **kàndit at pis**. Gumagamit din sila ng **Bùdjak** (*Spear*) at **Tamíng** (*Shield*). Sila ay umiindak sabay sa **pegtàmbul** (ngalan ng musika). Sa pagpapatugtog nitó, sabay-sabay na ginagamit ang mga instrumentong

binubuo ng mga **tagùngguh** (Yakan gong ensemble **àgung**, **kwintàngan tumbàga** at **gàbbang**). Sapagkat ito ay halaw sa mga kilos ng kabayo, umiindayog din ang mga mananayaw na tulad ng kabayo. Ilan sa kanilang mga galaw ang sumusunod: **megkàhig** (*scratching steps*), **megpàsu** (*trotting steps*), **neték** (*kicking backwards*), **sipà** (*kicking forward*), **palaksú** (*jumping*), at **patugpá** (*skipping*).



Larawan 32. Pagtatanghal ng Tumàhik



Larawan 33. Pagtanghal ng Pamansák

Pamansák at **gandingan** naman ang tawag sa sayaw ng kababaihang Yakan. Ang **pamansák** ay karaniwang sinasayaw sa mabilis na tempo ng **tagungguh** o ang tunog ng mga gong na mamalakas (*an ensemble of loud sounds* or *Yakan gong ensemble*) na lumilikha ng maindayog na pagbaluktot at pagtuwid ng mga tuhod at sabay-sabay na pagkendeng ng beywang na sinasayaw ng mga Yakan na nása karaniwang antas ng pamumuhay sa isang espesyal na okasyon tulad ng **pagkawín** o kasal. Habang ang **gandingan** naman ay isinasayaw na pang-aliw sa maharlikang angkan ng Yakan tuwing **akadatúan** o pagtitipon ng mga pinuno ng mga Yakan.



Larawan 33. Pagtanghal ng Gandingan

Ang galaw ng kamay ay tulad sa **pangàlay** ng Tausug at **igál** ng Sama. Parehong paloob at palabas ang ikot ng pulso, maindayog na daliri, matatag na palad, at deretsong tulak ng siko. Nagkakaiba lámang sa galaw ng paa. Ang **pamansák** at **gandingan** ay isinasayaw gaya ng galaw ng paa ng kabayo, manok, o anumang galaw na makikita sa bukid o kapaligiran. Samantalang ang galaw ng paa at postura ng Tausug, Sama, at Yakan ay nagpapakita ng pagbabalanse sa ibabaw ng vinta o isinasayaw ang paraan ng paglakad nang maayos sa tulay/taytayan o hagdanan na yari sa kawayan.

Sa pagsayaw nitó, nagsusuot ang mga Yakan ng **badjú lapì** o **binatàwihansawaál**, **os**, at **seputàngan**. Naglalagay din sila sa kuko ng **jànggay**, isang matulis na malabot na bagay. Umiindayog sila sa mga kilos gaya ng **megkàhig** (*scratching*), **megpàsad** (*tortillier steps*), **megdiik-paléy** (*pivoting; mincing steps*), **megsebùngsud-sebùngsod** (*shuffling*), **megtàngga-tàngga** (*small steps going forward*), at **pàinsud-insud bettisin** (*close steps*).

Arkitektura

Ilan sa arkitektura ng mga Yakan na hanggang sa ngayon ay makikita pa rin ay ang estruktura ng kanilang bahay. Ang ganitong uri ng estruktura ay batay sa kanilang kultura at mga nakaraang pamumuhay ng kanilang mga ninuno.



Larawan 34. Bahay sa Lungsod Isabela



Larawan 35. Bahay sa Lungsod Zamboanga

Bago nila ito itayô ay naglalagay muna sila ng **puwipúl** o *center post* na gawa sa bilog na kahoy na pahaba. Mayroon silang paniniwala na kapag natumba o nasira ang **puwipúl**, mayroong masamang espiritung nakatira sa lugar na ito at hindi magandang pagtayuan ng bahay.

Ayon sa paglalahad ng mga matatandang Yakan ng Limook, Lamitan, ang tradisyonal na bahay ng mga Yakan ay hugis parihaba na may magkakaibang laki. Matataas ang mga bahay noon na may karaniwang taas na tatlo hanggang limang metro, na nakadiseno bilang proteksiyon sa mga kalaban at mababangis na hayop. Ang ganitong uri ng bahay ay naaayon rin sa uri ng klima ng lugar lalo na tuwing tag-ulan.

Ang bahay ng Yakan ay karaniwang walang mga dingding o mga silid. Ito ay binubuo ng tatlong bahagi: ang **lumáh**, ang kusina, at ang balkonahe o **pàntan**. Ang **lumáh** ang pinakasentro ng bahay. Ito ang pinakamalaking silid na sabay na ginagawang tanggapan ng bisita at tulungan. Ang loob ng bahay ay punô ng iba-ibang bagay ng pamilya. Hiwalay naman ang kusina na kadalasang matatagpuan sa likurang bahagi ng bahay. Mayroon din silang balkonahe na nagsisilbing tanggapan ng kanilang bisita bago ito patuluyin sa pinakasentro ng bahay. May mga pasukan ng hangin sa magkabilang bahagi ng **kulúng** o **sulúng** (*queen post*) upang pumasok ang liwanag sa loob ng bahay.

Kung minsan, mayroon ding entresuwelo o **àngkap** na karaniwang idinurugtong sa bahay. Noon, walang mga dibisyon ang bahay kayâ pareho ang lugar na tinatanggap ang bisita at kapag gabi ay dito na rin sila natutulog.

Katutubong Kasuotan

Ang mga tradisyonal na pananamit ng Yakan ay binubuo ng pang-itaas na **badjú** at pang-ibabang **sawál** na hinabi mula sa hibla o binilíng mga kagamitan. Kadalasan itong gawa sa itim na tela na tinatawag na **naynáy**. Ang **badjú** at **sawál** ay masisikip na kasuotan na maaaring isuot ng mga babae at lalaki. Sinasabi ng mga Yakan na malalaman ang antas ng pamumuhay ng isang Yakan batay sa uri at paraan ng kanilang pagsusuot nito.

Sa pag-aaral ni Pasilan (2015), ang **badjú** ay masikip na maaaring hinabi o gawa sa binilíng itim na tela na tinatawag **naynáy**. Ito ay may masikip na manggas na pinalalamutian ng mga butones na tinatawag na **batàwi**. Ang laki at dami ng **batàwi** ay sumisimbolo ng mas mataas na estado sa búhay.



Larawan 36. Kasuotang Panlalaki

Sa kasalukuyan, karamihan sa mga Yakan ay isinusuot ang **badjú** tuwing may mahahalagang okasyon gaya ng kasalan, pagtatapos, Hariraya Eidil Fitri, Hariraya Eidil Adha, at iba pang mga pagdiriwang na alinsunod sa relihiyong Islam.



Larawan 37. Badju ng Babaeng Yakan



Larawan 38. Badju ng Lalaking Yakan

Ang **badjú** naman ng mga Yakang lalaki ay kadalasang bukás sa harap at may nakakabit na **jàmbu** o palawit na seda sa kuwelyo. Habang ang **badjú** ng mga babae ay isanasara gámit ang sinulid na ikinakabit sa **batàwi**. Mayroon ding iba't ibang uri ng **badjú** na hinahabi at isinusuot ang mga Yakan. Una, ang **badjú inàruh** o mga lumang **badjú**. Kasáma rin sa mga uring ito ang **badjú Yàkan** o damit ng Yakan, **badjú pagál batu** o damit na gawa sa tela ng **pagal batu**, **badjú binatàwihan** o damit ng may mga kulay gintong **batàwi**, at **badjú simintulàsan** na hinabi gámit ang sedang sinulid na nilagyan ng mga metal na *sequins*. Ang badjung ito ay isinusuot lámang ng mga mayayamang pamilya.

Nariyan din ang **Badjú Lapih** na karaniwang isinusuot ng mga ordinaryong babae na hindi kasapi sa maharlikang pamilya ng Yakan. Ang badjúng ito ay maaari ding isuot ng mga *chieftain* ng mga Yakan (Pasilan 2015).

Ang **sawál** naman ay iniuuri ayon sa materyal kung saan ito ginagamit. Ang **sawál pèyat** ay gawa sa tela ng **sinelù'an**. Ito ay gawa sa **bùnga-sàma teéd pèneh pitùmpu** o telang may 70 disenyo at ikinabit sa ibaba ng tuhod. Ang nagsusuot nitó ay isang táong may mataas na estado sa pamayanan. Ang **sawál ilaùpan** naman ay gawa sa binilíng telang itim o puti na may hinabing tela sa ibaba ng tuhod. Minsan, ang mga dugtungan at laylayan ng sawal ay tinahi gámit ang **kinaukulan** o **binakiyàan** na sinulid na may kulay gaya ng pula, dilaw, at berde. Mayroon ding tinatawag na **pèneh bùnga-sàma teéd** o **pèneh sawè-sawè**, isang matandang uri ng **sawal** na ginagawa at isinusuot sa kasalukuyan.

Pèneh bùnga-sàma teéd naman ang tawag sa isinusuot ng mga Yakang may may dugong-bughaw o bahagi ng mga maharlikang pamilya na kanila ring minána sa

kanilang mga ninuno. **Sawál binuldàhan** naman ang tawag sa habi gámit ang mga sedang sinulid at maaari lámang isuot ng mga mayayamang Yakan (Pasilan 2015).



Larawan 39. Sawál ng mga Lalaki



Larawan 40. Sawál ng mga Babae

Isa sa mga tradisyonal na pananamit ng mga Yakan ay ang **pis** na isinusuot sa ulo ng mga lalaki. Ito ay isang kuwadradong tela na isang metro ang haba. Ito ay karaniwang may pulang kulay na sinamahan ng berde, dilaw, at itim na tirintas (*plaits*) na sumisimbolo sa katapangan at katatagan ng mga Yakan.

Bukod sa proteksiyon ng ulo sa init ng araw, ginagamit rin ito sa biyahe bílang kumot o tuwalya. Kapag ginagamit sa ulo, ito ay itinitiklop nang patriyanggulo na ang dulo ay nása noo at sa batok naman ito itinatali.



Larawan 41. Kalalakihang Suot ang Pis

Kapag ito ay isinuot na may *pleats* sa gilid, ang nagsusuot nitó ay batà na 18 taóng gulang pababâ o dumadalo lámang sa isang espesyal na gawain. Kapag ito ay isinuot nang walang tiklop, nangangahulugang ang nagsusuot nitó ay may edad na 19 taon pataas. Isinusuot naman nila sa paraang **pis pangàntin** sa mga okasyong tulad ng pagtatapos sa pag- aaral ng Qur'an, **pagtimbang**—isang seremonyang panrelihiyon sa pangagamot ng mga Muslim—at mga kasalan.

Ang pagsuot ng **pis** na may hugis na parang sungay sa harap, patriyanggulo sa likuran ng ulo, at may nakakabit na gintong barya at mga alahas ay nagpapakilala kung sino ang nagdiriwang sa mga okasyon. Samantala, ang **pis kinamàra** ay paraan ng pagsuot ng mga lalaking dadalo sa mga espesyal na okasyon. Ito ay may tiklop sa mga gilid at may dalawang tuping patatsulok na isinusuot ng mga mayayamang pamilya.

Hindi makokompleto ang kanilang kabuoang pananamit kung wala ang **kandit**. Ito ay isang tradisyonal na sinturon na may habang 15 metro o mas mahaba pa na ginagamit ng mga lalaking Yakan. Gawa rin ito sa pulang telang *cotton* na tinatawag na **gilim**. Ito ay maingat na iniiikot sa kanilang baywang na may palawit na gawa sa telang **sinelùan** at ang dulo ng tela ay itinatakip sa pribadong bahagi ng lalaki. Hindi lang ito nagsisilbing pananamit; proteksiyon din sa mga kalaban, ginagawang duyan, at ginagamit na unan kapag nagpapahinga (Pasilan 2015).



Larawan 42. Kandít

Gumagamit rin ang kababaihan ng **òlos**, isang malatúbong sáya na hinabi gámit ang sedang sinulid. Ito ay mayroong apat na uri: **olos pinalantùpan o pinentùpan** na may disenyo ng mga linyang kulay bahaghari; ang **òlos kutá batú** na makináng na sáyang parang túbong metal na hiram ng mga Yakan sa mga kalapít na

tribu gaya ng Tausug at Maguindanaw; **òlos binuldàhan** na hinabi mula sa sedang sinulid na may bulaklaking disenyo na isinusuot lámang ng mga pamilyang may dugong-bughaw sa mga espesyal na okasyon; at **òlos inalàman** na pinakapormal kayâ tinaguriang panseremonyang **olos**. Ito ay gawa sa masinsin na pagkakahabi na may disenyong diyamante o **kàbban-buddi**.



Larawan 43. Òlos Pinalantùpan

Bukod sa **òlos**, ang mga babaeng Yakan ay nagsusuot din ng **saputàngan**. Ito ay isang hinabing parisukat na tela na may habang isang metro. May disenyo itong geometriko na masinsinang hinabi kayâ ito ang pinakamahal na kasuotan ng mga babaeng Yakan. Ito ay itinutupi at itinatahi sa **òlos** upang mahigpitan pa ang suot nilang sáyâ. Ginagamit rin ito sa ulo gaya ng **pis** at kapag may kasalan ay inilalagay sa balikat ng ikakasal.



Larawan 44. Saputàngan

Iba't ibang Disenyo ng Tela

Ang pagiging kakaiba at makulay na disenyo ng mga tela ang isa sa maipapagmamalaki ng mga Yakan. Tinatawag na **tènnun** ang hinabing telang may

iba't ibang disenyo. Ito ang mga telang ginagamit sa paggawa ng kanilang damit. Bawat disenyo ng tela ay may kasaysayan at kahulugan.



Larawan 45. Suwáh Pèndan



Larawan 46. Suwáh Bèkkat

Ilan sa mga disenyo ng **tènnun** ay **bùnga sàma**. Ito ay **tennun** na may disenyong bulaklak at malalaking bato. Ito ay ginagamit sa **badjú** at **sawál** na maaari lámang gamitin ng mga Yakang nabibílang sa mga matataas na estado ng pamumuhay lalo na ang disenyong **suwáh bèkkat** at **suwáh pèndan**. Sa kasalukuyan, ito ay ginagawa ring disenyo sa mesa, *placemat*, at dekorasyon sa dingding.

Ang **penèh adidas** ay disenyong nalikha mula sa isang sikat na tatak ng sapatos na nabuo noong dekada 70's. Ang disenyo ng **penèh bèkkat-bèkkat** ay katulad ng isang libingan o **bekka** at nabubuo ang hugis diyamante.



Larawan 47. Penèh Adidas



Larawan 48. Penèh Bèkkat-bèkkat

Ang disenyong **penèh bèras-bèras** ay katulad ng mga piraso ng mga kawayan at rattan na may hugis heometrikal na karaniwang makikita sa mga pamamahay ng mga mamayamang Yakan. Ang **penèh dàwen-dàwen** ay disenyong dahon.



Larawan 49. Penèh Bèras-bèras



Larawan 50. Penèh Dàwen-dàwen

Ang **penèh kàban bùddi** ay pinagtagpi-tagping dekorasyon naman ang disenyo ng **tennun** na ito. Ganito ang mga disenyong ginagamit sa mga palyo (*canopies*), kutson (*mattress*), at mga punda. Malinaw sa disenyong ito ang tatlong tatsulok o kung minsan ay apat na kulay na nakabubuo ng parisukat. Ang mga parisukat na ito ay nakahanay o nakalinya at ganoon rin ang pagkakaayos sa mga maliliit na parisukat. Ang **penèh kakà-kakà** ay disenyong itinulad sa mga alimango at curacha na ilan sa mga yamag-dagat ng Lungsod Lamitan.



Larawan 51. Penèh Kàban Bùddi



Larawan 52. Penèh Kakà-kakà

Ang **penèh kennà-kennà** ay disenyong isda ang konsepto ng **tennun**. Tinatawag din itong **mànuuk-mànuuk** lalo na ang mga magagalíng na manghahabi sa dahilang may nabubuong ulo ng manok ang magkakatabíng hugis isda. Ang **penèh kùle-kùle** ay pagong at pawikan ang disenyo ng **tennun**.



Larawan 53. Penèh Kennà-kennà



Larawan 54. Penèh Kùle-kùle

Sinasabing ang **penèh pitùmpuh** o **bùnga-sàma teéd pènèh pitùmpuh** ang pinakamabusising disenyo. Ito ay may 70 uri na karaniwang binubuo ng pitóng mga kulay na nagpapaalala sa **biraràli** (tinatawag ring **bidadali** o **biradali**) o bahaghari ng mga Yakan.



Larawan 55. Penèh Pitùmpuh



Larawan 56. Penèh Sawè-sawè

Pinaniniwalaang ito ang mga makukulay na pakpak ng mga dalaga sa kalangitan o mga anak ng bahaghari. Sinasabing kung ang bahaghari ay nása tubig o talon, pinaniniwalaan din ang mga dalaga sa langit ay naliligo malápit dito. Kung ang bahaghari naman ay nása lupa, sila ay bumabâ sa lupa at sinasabing naglalaro. Larawan naman ng ahas ang ipinakikita ng disenyong **pènèh sawè-sawè**.

Mga Laro

Kinahihiligan pa rin ng mga batàng Yakan ang paglalaro. Bagama't sumasabay sa pagbabago ng panahon, ang kabataang Yakan ay naglalaro pa rin ng mga tradisyonal na laro tulad ng sipa, paglalaro ng bolang gawa sa dahon ng niyog na tinatawag na **mag-àta**, bahay-bahayan, trumpo, tirador, hollen, siyatong o **pìtew**, patintero o **magluppìhan**, paglalaro ng saranggola o **teygùrih**, tago-taغان o **tapúk-tapùkan**, tirador o **seppùtan**, pabilisan sa paglangoy o **maglàngi**, palaisipan o **mag-untùkan**, kareka ng kabayo o **lumbáh kurâ**—isang laro ng mga prominenteng tao na may mataas na estado sa búhay, at **kùlung-kùlung** o **kùng-kùng** o *cow's bell*.



Larawan 57. Kabataang Lalaki na Naglalaro ng *Volleyball*

Ang mga tuntunin sa paglalaro ng sipa, bahay-bahayan, trumpon, tirador, hollen, pitew, magluppihan, saranggola, tapuk-tapukan, at tirador ay gaya rin ng mga nakasanayang tuntunin ng ilang larong Pilipino.

Ang paglalaro naman ng bolang gawa sa dahon ng niyog ay kanilang ginagamit na pamatò sa kanilang kalaro. Ang larong ito ay binubuo ng dalawang pangkat. Ang pangkat na tayâ ay poposisyon sa magkabiláng dulo. Kung sila ay apat, tigdalawa ang poposisyon sa magkabiláng dulo. Babatuhin nila ang ibang pangkat na nakaposisyon naman sa gitna ng dalawang pangkat ng tayâ at iiwasan ang bolang ibabato sa kanila. Sinumang tatamaan ng bola ay aalis na sa gitna hanggang sa wala nang maiwan sa gitna. Ngunit kung may maiiwang mag-isa, babatuhin lámang nang tatlong beses. Ngunit kung hindi matatamaan ay maililigtas niya ang kaniyang mga kasáma hanggang sa babalik na ang buo niyang pangkat sa gitna. Ang larong ito ay nakatutulong sa pagpapalakas ng resistensiya ng mga batà at ang pag-iwas sa bola ay nagpapatatalas ng kanilang isipan.

Ang pabilisan sa paglangoy naman o **maglàngi** ay madalas na nilalaro ng mga batà tuwing sila ay naliligo sa ilog o sa dagat. Nagpapaunahan o maghahabulan sila sa paglangoy.

Ang karera ng kabayo **olumbáh kurâ** ay pabilisan o paunahan sa pagpatakbo ng kabayo ang kanilang layunin sa larong ito. Bagama't ang mga maykáya lámang ang mahilig maglaro nitó noon, maaari ding maglaro ng **lumbáh kurâ** ang sinumang marunong magpatakbo o sumakay sa kabayo.

Samantála, ang **kùlung-kùlung** ay gawa sa bao ng matandang bunga ng niyog na may tali at ginawang tsinelas. Nagpapaunahan sila sa pagtakbo gámit ang **kùlung-kùlung**. Sa larong ito, kailangan ang balanse ng katawan at kailangang ipitin nang mabuti sa paa ang tali upang hindi madapa.

Ayon sa mga Yakan, ang mga larong ito ay nakikita pa rin nilang nilalaro ng mga batà na nakatira sa mga bundok. Ngunit, mangilan-ngilan na lámang sa mga nakatirá sa kabayanan. Ang pagbabago sa mga kinahihiligang laro ay pinaniniwalaan nilang impluwensiya ng mga *gadget* kayâ hindi na sila gaanong nahuhumaling sa mga tradisyonal na laro.

Mga Dekorasyon at Palamuti

Kapansin-pansin sa bahay ng mga Yakan ang pagkakaroon ng **kulambú** at **talám** bílang palamuti. Ilan sa mga ito ay ginagamit sa mga okasyon tulad ng **pagkàwin** o sa anumang salusalo.



Larawan 58. Talám

Ang **talám** ay isang malaking plato na maaaring yari sa tanso o babasagín na ginagamit na lalagyan ng **dùlang**, tawag sa inihandang pagkain sa isang okasyon na may kanin at ulam, o bílang palamuti sa tahanan.



Larawan 59. Pinakamatandang Manggagawa ng Kulambú
at ang Kulambu sa Likuran

Ang **kulambú** ay ipinagmamalaking **pamá kay** o palamuting ginagamit ng kababaihan tuwing sila'y ikinakasal. Dito mananatili o maghihintay ang babaeng ikakasal habang isinasagawa ang **hutbâ nika**, seremonyang isinasagawa ng Imam sa kaniyang kaniyak. Maliban dito, ito rin ay ginagamit bílang pagitan o pader ng bahay. Sa kasalukuyan, kakaunti na lámang ang gumagamit nitó sapagkat karaniwang ginaganap sa hotel ang kasalan.



Larawan 60. Bårung Dènde

Ilan pa sa mga palamuti ng mga Yakan na kanilang isinusuot ay ang **sappà** o **lutùan** na nakatali sa kanilang baywang; **bàrung dènde** o mahabang itak na may perlas at mga baryang pilak na isinusuot sa baywang ng mga babaeng Yakan; **bàrung lèlla** o mahabang itak na may baging at isinusuot ng mga lalaking Yakan sa kanilang baywang; **sarúk** o sombrerong gawa sa nitò; **dublún** o alpiller o dormelo na gawa sa barya; **gàllang** o polseras; **pàmmang** o dormèlo o hikaw; at **sugléy** o suklay na kulay ginto na isinusuot ng mga babaeng Yakan.



Larawan 61. Barung Lella

Katutubong Pagkain

Bílang tanda ng pasasalamat sa magandang biyaya, ang mga Yakan ay naghahain ng **dùlang**. Ito ay binubuo ng **sampúl**, isang hinubog na tumpok ng malagkit na kanin na hugis tatsulok sa malaking pinggan o dahon ng saging na may iba't ibang ulam maliban sa **harám** o bawal na karneng baboy. Ang **sampul** ay sinaing na bigas na may halong malagkit at **dùlew** o luyang dilaw. Karaniwang may nakahanay na mga ulam sa paligid nitó tulad ng **kaliya** o manok na iniluto sa kamoteng kahoy; **kennà** o pritong isda; at gulay. Ginagamitan din ito ng makukulay na pambalot na gawa sa plastik bílang palamuti.



Larawan 62. Sampúl



Larawan 63. Jah

Ang paghahanda ng **dùlang** ay hudyat na may espesyal na okasyon tulad ng **pagkàwin**, **pag-du'ah** o dasal sa **tudjú likul** o alay na dasal para sa yumaong mahal sa búhay, pasasalamat, at sa simpleng salusalo.

Isa pa sa katutubong ulam ng Yakan ay ang **kaliya**. Ito'y ginataang ilahas na manok na may kamoteng kahoy na pampalagkit ng sabaw. Ito ang paboritong inihahaing ulam sa bahay gayundin sa mga mahahalagang okasyon tulad ng **pagkàwin**, pista, pasasalamat, at iba pa.



Larawan 64. Kaliya



Larawan 65. Pànyam o Panyàlam

Ang mga sangkap sa pagluto ng **kaliya** ay isang buong *native* na manok. Nagsasagawa ng **sumbali**, ito'y dasal na isinasagawa bago katayin ang manok. Hinahaluan din ito ng kinudkod na kamoteng kahoy o **harèna** (*powdered cassava*), gata ng niyog, **isèllan** (mantika), sili, **laiye** (luya), **bàwang lebbúk** (dahon ng sibuyas), **bàwang pùti** (bawang), at **Sàley** (tanglad).

Kilala naman ang **panyàlam** bílang tradisyonal na pagkaing Muslim, kabílang dito ang mga pangkat ng Maguindanao, Maranao, Sama, Yakan, at Tausug. Sa pangkat ng Yakan, ito ay mas kilala bílang **pànyam**. Gawa ito sa harina, muscovadong asukal, gata, at mantikilya.

Ang **Jah** ay isang katutubong panghimagas na karaniwang inihahain tuwing may mahahalagang okasyon gaya ng kasalan, pagtatapos, Hariraya Eidil Fitri, Hariraya Eidil Adha, at mga pagdiriwang ng mga Yakan alinsunod sa relihiyong Islam. Ito ay binayong bigas na hinaluan ng tubig, gata ng niyog, at asukal na inilalagay sa isang makinis na báong may maliliit na butas na hulmahan sa pagpiprito.



Larawan 66. Dùlang

SIKLO NG BÚHAY

Pagbubuntis

May sinusunod na ritwal sa panahon ng pagbubuntis ng isang babaeng Yakan. Sa ikalabintatlong araw ng ikatlong buwan ng pagbubuntis, matápos lumabas ang senyales, dadalihin ng nanay ang anak na babae sa **pandéy** o komadrona upang ipatingin ang kalagayan ng buntis. Ang araw na iyon ay hudyat ng maganda at masayáng pamumuhay. Sa araw ng kanilang pagbisita, hihilutin ang tiyan ng buntis gámit ang langis na gawa sa matandang niyog. Sa pamamagitan ng paghawak sa tiyan ng buntis at pagdamá sa pintig ng pulso ng sanggol, nalaláman ng **pandey** na wala sa tamang lugar ang sanggol. Pinahihiga ang buntis at nakatiklop ang paa bago siya hihilutin upang mailagay sa tamang posisyon ang sanggol.



Larawan 67. Mga Nagdadaláng-tao sa Lungsod Lamitan

Kasabay ng paghihilot sa tiyan ng buntis ay ang pagdu-**du'ah** o pagdarasal na magkaroon ng mabuting kalagayan ang batà at ang magulang nitó. Sa huli ng paghihilot, iaangat ang ulo ng buntis upang ilayo sa masamang espiritu o **shaytán** at magkaroon ng mapayapang panganganak. Naniniwala ang mga Yakan na upang mapabuti ang sanggol, pagdadaan ng mag-asawa ang paghihirap kabílang ang pang-araw-araw na gawaing bahay. Ang lahat ng nabanggit ay maaaring magdulot ng epekto sa kanila kaya't sa tulong ng **pandey** hihingi ito na mapalakas ang magulang. Kukuha ang **pandéy** ng isang matandang bunga ng niyog na gagamitin sa seremonya. Ang matandang bunga ng niyog ay sumisimbolo sa punò ng búhay. Hahawakan ito at itatapat ng komadrona sa tiyan ng buntis at bibigkas ng dasal.

Sa pagtatapos ng pagdarasal, dahan-dahang ipagugulong ng komadrona ang niyog patungo sa mga hita ng buntis (Sherfan 1976). Dito nagtatapos ang unang pagbisita ng buntis sa **pandey**.

Sa ikalawang pagbisita ng buntis sa **pandey**, magkatulad na prosidyur ang gagawin. Sa halip na matandang bunga ng niyog, asin at itlog naman ang gagamitin sa seremonya. Ganoon din ang magaganap sa ikatlong pagbisita ng buntis subalit karayom naman ang gagamitin ng **pandey**. Babanggitin ng komadrona ang parehong dasal. Pagkatapos, bubuhatin ng komadrona ang buntis nang may kumot at iyuyugyog ang katawan, sabay sasambitin ang sumusunod na **du'ah** o dasal.

*Nurrullah fisullullah usulun bi usulun
Bohe dambanan Allah
Bohe Karkausar
Kau kew sumiha amban tampat*

*nu Balik kew asal nu
Hung ku si ganga heyu
Sigunga kaskitan si bung bunga lang bay
Kung bat ang lumintang ungsod usay nainuti,
Usulun, bailuasun.*

May mga pagkakataon ding tatawag ng Imam ang mag-asawa upang magsagawa ng **du'ah** kay Allah para sa paghingi ng mabuting kalagayan ng mag-ina. Darasalin ang sumusunod:

Allahumma jammilna bil afeyati Wa salama wa naquitna bi takwa Wa istigama, wa aidna minadduniya Mimmujabatinadamati yumil guiyama War zugna kamal al mutabati Fi sehatin wa salama.

Panginoon, bigyan n'yo po kami ng mabuting kalusugan at kaayusan at ang tunay na kabanalan at katwiran. Gabayan nyo po kami na hanapin ang araw ng paghuhukom. Ipahintulot n'yo po ang mabuting kalusugan at kabutihan.

Pagkaraan ng tatlong buwang pagbubuntis, isang ritwal ang gagawin na pangungunahan ng **pandey** na tinatawag na **paglèkkad**. Paraan ito ng pagsusuri sa buntis. Kabilang dito ang pagpapamasahe sa tiyan ng ina o **pag-ùhut** (Buenaobra 2003).

Mayroong isang seremonya na isinasagawa sa ikalimang buwan ng pagbubuntis na gagampanan ng **pandey**. Kapag walang buwan, ang buntis ay dapat umupo sa labas ng may bayuhang bigas na may kawaling nakatiwarik sa kaniyang ulo. Habang nakaupo, siya ay paliliguan ng Imam nang nakadamit at bumibigkas ng **du'ah**. Kapag hindi ito sinunod, may paniniwalang ang sanggol ay lalakíng may kapansanan. Ito ay isinasagawa minsan lámang sa panahon ng ikalimang buwan ng pagbubuntis na maaaring gawin sa umaga o hapon.

Sa ikapitong buwan ng pagbubuntis, isasagawa ang **paglèkkad**. Kukuha ng niyog na may perpektong hugis-bilog at ipagugulong nang dahan-dahan mula sa tiyan hanggang sa paanan at sasabayan ng pagdarasal. Kaakibat nitó ang paniniwala na magiging madalí at ligtas ang panganganak.

Ayon sa mga Yakan ng Limook, nalaláman nilang buntis ang kanilang asawa kapag may mga pagkain itong nais kainin. Sa panahon ng kaniyang **pangiràman** o paglilihí, nararapat na kainin ang mga hinihingi ng babae sapagkat kung hindi ito maibibigay, kapuwa maapektuhan ang buntis at ang paglaki ng sanggol habang nása sinapupunan.

Sa pag-aaral ni Abdurahim (2007), nabanggit niyang napakarelihiyoso ng mga Yakan. Hanggang ngayon ay patuloy pa rin silang sumusunod sa mga

tradisyonal na paniniwala. Ang mga bagong kasal na mag-asawa ay nag-iingat sa kanilang pagsasáma. Kinakailangan na maayos, matiwasay, at masáya ang pagsasáma upang sa pagkakaroon ng anak ay hindi magkakaroon ng kapansanan o anumang sakit.

Dagdag pa, ang pagkakaroon ng kapansanan ng anak habang ito'y nása sinapupunan ng ina ay pinaniniwalaang sanhi ng mga bagay na nakikita ng ina sa kaniyang paligid. Kapag siya ay nakakikita ng anumang bagay na may kakaibang anyo at kulay, kinakailangan niyang kumuha ng anumang dahon o kahoy. Ilalagay ito sa kaniyang tiyan at pagkatapos ay idadampi sa kaniyang bibig, bibílang hanggang pitó, duduraan ito, at itapon upang ang sanggol sa sinapupunan ay hindi magkaroon ng anumang sakit.

Mula naman sa Isabela, Basilan, inaasahan ang kooperasyon ng lalaki sa panahon ng paglilihi ng kaniyang asawa. Naniniwala ang mga Yakan na dapat makain o makuha ng isang babaeng naglilihi ang anumang naisin nito. Kung hindi ito nasunod, pinaniniwalaan nila itong **gey kuhì** o hindi dapat gawin at mangyari o may masamâng mangyayari kapag ginawa ang mga bagay na ipinagbabawal na gawin. Kasalungat naman nito ang **kuhì** o mga bagay na maaaring gawin at naaayon sa kanilang paniniwala. Ang paniniwalang **kuhi** at **gey kuhi** ay nagsisilbing batayan ng mga Yakan sa dapat at hindi dapat gawin sa kanilang pang-araw-araw na búhay (Dahoroy 2018).

Unang Senyales ng Pagbubuntis

Ipinaliwanag ni Sherfan (1976) na ang unang senyales ng pagbubuntis ng isang Yakan ay ang mabilis na pagtibok ng puso ng buntis. Kasáma rin sa mga senyales ang pagkahilig sa iba-ibang pagkain tulad ng manggang hilaw at iba pang prutas. Ang mga senyales na ito ay siya pa ring kinahihiligan at nararanasan ng mga buntis na Yakan hanggang sa kasalukuyan sa Limook, Lamitan.

Gampanin ng asawang lalaki ang maging mabuti at sumunod sa anumang naisin ng babae upang maiwasan ang pagkabagot at pagkairita. Kinakailangan ding unawaing lubos ang babaeng naglilihi.

Ang Pagkabuo sa Sanggol

Ayon sa mga Yakan, ang pagbubuntis ay binubuo ng tatlong yugto. Sa panahong nakaramdam ang babae ng paninikip ng puso, senyales na ito ng pagsisimula ng unang yugto ng pagkabuo ng sanggol. Ito ay tinatawag na **annàkum**. Sa yugto ng **annàkum**, mabilis ang pintig ng pulso ng babae at dito ay nagsisimula na siyang maglihi. Sa ikalawang yugto o **innakùntum**, ganap na pagkabuo ng sanggol. Dito ay inaalagaan na nang mas maayos ang buntis at ibinibigay ang mga pagkaing kaniyang pinaglilihian. Mas maingat din sa pagkilos ang buntis upang

mabuo nang malusog ang sanggol sa sinapupunan. Sa ikatlong yugto naman, itinuturing ng Yakan ang ganap na pagkabuo ng sanggol na tinawag nilang **aymakùntum**. Ang lalaking sanggol ay kilala bilang **Abdu** at ang babae ay **Abdi** (Sherfan 1976). Sa loob ng ikatlong yugto ng pagbubuntis ng babae, inaasahan na nila ang panganganak o ang paglabas ng sanggol.

Panganganak

Umiiyak ang babae dalá ng matinding sakit hudyat ng matagal na panganganak. Pinauupo ng **pandey** ang babae at ang kaniyang dalawang binti ay magkalapít upang magamit ang paa nang maisara ang puwet ng ina kung saan nakaposisyon ang sanggol. Maaaring may mga pagkakataon sa mga Yakan na lalabas sa puwet na ikakamatay ng mag-ina kayâ kinakailangan ilagay ang **tumpû**, isang malambot na puting tela sa puwetang buntis upang pigilan ang paglabas ng sanggol sa puwet. Sa mga panahong iyon, nasa tabí lámang ang **pandey** habang hinihimas ang likod ng ina at minamasahe ang tiyan (Sherfan 1976).

Ayon kay Darohoy, isinasagawa rin ang **salimpák**. Ito ang paraan na minamasahe ang tiyan ng ina sa ibabâng parte ng puson na pabilog ang hagod. Layunin nitóng maiayos ang posisyon ng sanggol sa sinapupunan upang mabilis at walang komplikasyon ang panganganak. Kapag naipanganak na ang batà, bubuhatin ito ng **pandéy** at babanggitin ang sumusunod na **du'ah**:

Ya Alla, Ya Rasullullah Salamat kew.

Panginoon, ang Apostoles ng
Panginoon. Kami ay nagpapasalamat
sa inyo.

Ang malimit na pag-ihi ng magsisilang na ina sa ikasiyam na buwan ng pagbubuntis ay isa sa mga palatandaan na malapit nang iluwal ang sanggol. Kayâ ang paghahanda ay kaagad na gagawin ng asawa. Ang **pandéy** ay tatawagin sa bahay. Maghahanda ang ama ng mga lumang barya na hindi bababâ sa piso, isang gátang na bigas, isang manok, at pinggan. Ang mga ito ay ibibigay sa **pandéy** bílang bayad sa ginawang ritwal (Buenaobra 2003).

Paggùnting

Ang seremonyang **paggètteb** o **ginuntungan** ay isinasagawa sa ikalabing-apat na araw matapos maipanganak ang babae at pitóng araw naman kung lalaki. Ito ay upang iligtas ang batà mula sa habambúhay na pagkasála. Isinasagawa ang **paggùnting** sa mga araw lámang ng Miyerkoles, Biyernes, at Sabado. Ang araw ng Miyerkoles ay sumasagisag sa lakas at di-matitinag, Biyernes naman ang magagandang pag-aani o anumang pananim na gawain. at Sabado para sa kalakasan at kabantugan (Sherfan 1976). Pinaniniwalaan nilang ang mga araw na ito ay masuwerte kaysa sa ibang araw.

Matapos mapag-usapan ang araw ng **paggùnting**, inihahanda ng mga magulang ang sumusunod: batàng niyog, kutsilyo, itlog, asin, paminta, at tubig. Hahatiin ang niyog sa tamang laki na maaaring paglalagyan ng buhok na gugupitin ng Imam. Ilalagay sa loob at ihahalo sa tubig ng niyog ang ginupit na buhok. Ang ibang nakahandang gamit ay sumasagisag sa ordinaryong pagkain ng batà na kaniyang kakainin hanggang pagtanda. Ang tubig ay sumisimbolo sa kalinisan na kailangan para sa kalusugan at pagkatao ng sanggol. Ang itlog naman ay para sa kagandahang loob at kabutihan sa kaniyang pagtanda. Ang asin ay para sa pagtitimpi at ang paminta ay para sa mabuting impluwensiya sa kapuwa. Pagkatapos, ibubuhos ang ordinaryong tubig at ang tubig ng niyog kasáma ang buhok sa punò ng batàng niyog upang magkaroon ng mahabang búhay ang batà. Ang paglagay ng buhok sa loob ng batàng niyog ay sumisimbolo ng pagkainosente.

Isinasalaysay din ni Sherfan (1976) ang mga gawain matapos ang seremonya ng **paggùnting**. Kung ang sanggol ay babae, kalong ito ng ina. Kung lalaki naman ang sanggol, ang ama ang bubuhat. Ang tunay na magulang ang dapat bumuhat sa sanggol.

Magsusunog ng insenso ang Imam at magbibigay ng simbolikong pangalan sa sanggol; Mohammad kung lalaki at Fatima naman kung babae. Bílang tagasunod ng relihiyong Islam, tataglayin ng mga Yakan ang mga pangalang ito habambúhay kahit hindi ito literal na nakakabit sa pangalang ibibigay ng kanilang mga magulang. Ang mga magulang pa rin ang magdedesisyon sa pangalang nais nilang ibigay sa kanilang mga anak.

Matápos gupitin ang buhok, bubuhatin ng **pandéy** ang sanggol at ipagdarasal kay **Anghel Malaikat Ya Rihani Ruhul Amin** at sasambitin ang sumusunod na dasal: (Sherfan 1976).

Assalamu Alaykum Ya Rihani Ruhul
Amin Bang Gai Du Eddo Bi Boo Ku
Ne Mo le. Salamat.

Sumasainyo ang kapayapaan Rihani
Ruhul Amin. Kung hindi mo kukunin
ang batà ay inuwi ko ito sa bahay.
Salamat.

Ihihiga ng **pandey** ang batà sa sahig saka sasambitin ang sumusunod na dasal:

*Shaidallahu annahu wa mala'ikatuhi Wa ullullilmi ka'imam bil kisti, La ilaha
illallahu hual adjisul Alim innaddina inallahil Islam
Mamaliki tu'tiya mulka man tasa'u Bighairi hisab.*

Kakausapin ng pandey ang anghel upang hingin at ipagkaloob sa pamilya ang sanggol. Ang lahat ng bahagi ng katawan ng tao ay kumakatawan sa lahat ng elemento sa isang tuling batà. Magsisimula ang seremonya sa pagpapaligo sa batà na gagawin ng

pangingislám habang binabanggit ang dasal.

Nawaytu ghusula palalan alaya	Sinusubukang maghugas.... ang batas
Sunnatan lillahi taala minal islami.	ng Diyos ay nanggaling sa Islam.

Sa pagdarasal na inalay, ang **pangingislám** ay hahawak ng kutsilyo o **sìpit** para hawakan ang ari ng lalaki. Babanggitin nitó ang pangalan ng lalaki at ang lahat ng gagamitin ay para sa ikalulugod ni Allah na sasabihin ng **pangingislam**. Ako ay isang Muslim gugupitin ang *prepuce* gámit ang kutsilyo o ang matalim na kawayan dagdag pa nitó.

Aku mangunsi basi, tiara hilangkan basi, Kansing barakansing tago.	Ngayong tuli kana ikaw ay ganap na Muslim at magsasambit ito ng dasal upang huminto ang pagdurugo.
---	--

At iba pang dasal para kay Allah:

*Allahumma ahilma bil iman
Wa nawer umurana ma'al iman Wa
sabbitna bil islam
Innallaha wa malaikatuhu
Yussallauna alannabi
Ya ayuhal lazina amanu
Sallu alayhi wa sallimu taslima
Wallamdu lillahi rabbil alamin*

Tatakpan ng puting tela ang ari ng lalaki. Ang putól na balát ay tinatawag na **kutùbun** at ililibing sa tabing-bahay. Tatabunan ito ng mga bato nang hindi maistorbo ng mga hayop (Sherfan 1976).

Pagdadalaga at Pagbibinatà

Gaya ng ibang kultura, magkakaiba din ang gulang kung kailan nagbibinatà at nagdadalaga ang isang Yakan. Sa mga babaeng Yakan, ang pagkakaroon ng buwanang-dalaw ang unang yugto ng pagdadalaga. Nagsisimula na ring magbago ang hubog ng kanilang katawan gaya ng paglaki ng suso. Samantala, ang mga lalaki naman ay nagiging matipuno ang katawan at nagkakaroon ng *adams' apple* na sanhi rin ng pagbabago ng kanilang mga boses na nagiging buo. Ngunit sa kultura ng mga Yakan, nalalaman din ito sa pamamagitan ng kaniyang paraan ng pakikitungo sa babae lalo na sa kanilang nagugustuhan. Ang pagkakaroon ng *wet dreams* o **gùwaa bohè botòh** ay senyales din. Isa itong **gey kuhi** o *taboo* sa kanilang kultura kayâ hindi ito madalas naririnig. Ito ay ginagamit lang nang palihim sa mga malalapít na kaibigan o kamag-anak. Kapag naranasan na ito ng mga batàng lalaki, kailangan itong sabihin sa kanilang magulang upang magpatawag ng Imam o puwede ring **pandéy**

upang magsagawa ang **du'ah**. Nabanggit ni Sherfan (1967) na sa yugtong ito pinapayuhan na silang magtrabaho bilang paghahanda sa pang-araw-araw na pinansiyal na pangangailangan at sa mapapangasawa nitó. Sa ganitong paniniwala, responsibilidad ng anak na makatulong sa pamilya.

Samantala, kapag dalaga na ang isang babae, magpapaganda at magsusuot ng palamuti, tulad ng ginintuang hikaw at purselas na may disenyong baryang gawa sa pilak sa kaniyang dibdib upang maging kaakit-akit sa mga lalaki sa paligid.

PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KULTURA

Edukasyon

Ang edukasyon ay isa sa pinakananais ng mga magulang na Yakan na maibigay sa kanilang mga anak. Kayâ ganoon na lámang ang kanilang pagpapaaral sa kanilang mga anak kahit ang karamihan sa kanila ay malayo ang tinitirahan sa mga paaralan. Ayon sa matatandang Yakan sa Basilan, noong 1970's ay kakaunti o nása 20% ng mga Yakan ang nagkaroon ng pagkakataóng makapag-aaral. Ito ay bunga ng mga kaguluhan na nagsimula nang sumibol sa kani-kanilang lugar dahil sa Batas Militar. Dahil sa pangamba ng mga magulang na madamay ang kanilang pamilya sa hidwaan ng mga sundalo at rebelde, minabuti nilang hindi na pumasok sa paaralan ang kanilang mga anak. Ang 20% na nakapag-aaral ay malayo ang tirahan sa mga nagaganap na kaguluhan.

Sa ngayon, napakalaki na ng pagbabago sa persepsiyon ng mga magulang tungkol sa edukasyon. Bagama't may kaguluhan, mas pinipili na ng mga magulang na pag-aralin ang kani-kanilang mga anak. Ayon sa kanila, ayaw nilang maranasan ng kanilang mga anak ang hirap na dinaranas nila ngayon. Kayâ, sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon ang nakita nilang solusyon upang mabigyan ng magandang búhay ang kanilang mga anak.

Sa obserbasyon at panayam sa mga guro ng nagtuturo ng mga mag-aaral na Yakan, kapansin-pansin ang kanilang pagiging masigasig sa pagtuturo. Sa probinsiya ng Basilan, halos 70% sa mga mag-aaral ay mga Yakan. Gaya ng ibang pangkat-etnikong mag-aaral, ang paminsang-minsang pagliban ng mga batàng Yakan ang suliranin. Nakasabay din naman ang mga batàng ito sa anumang aralín na kanilang tinatalakay at hindi rin naman nagpapahulí pagdating sa kaalaman.

Gayunpaman, nabanggit ng mga guro ang *language mismatch* na nagaganap sa sistema ng kanilang pagtuturo. Maraming mga guro ang hindi kabílang sa Yakan at nagsasalita ng wikang Yakan. Bagama't nauunawan nila ang tamang pagpapatupad ng K to 12 na kurikulum, aminado silang hindi lahat ay nakasusunod sapagkat marami ring mga guro sa Basilan ang hindi nagsasalita ng Yakan. Kayâ,

hindi nagagamit ang unang wika ng mga mag-aaral na Yakan bílang wikang panturo. Ikalawa, mayroon ding mga ibang mag-aaral na hindi nakapagsasalita at nakauunawa ng Yakan kayâ mas pinili nilang gumamit na lámang ng wikang Filipino upang tiyak na maunawaan ng lahat ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang ganitong senaryo ng pagtuturo ay hindi naman nakitaan ng hadlang sa pagkatuto ng mga batàng Yakan sapagkat sila ay nakauunawa naman ng wikang Filipino. Ayon din sa mga magulang, hindi naman sila tutol sa paggamit ng wikang Filipino sapagkat ito ay makatutulong upang matuto ng ibang wika.

Sa kasalukuyan, naitalâ din ng mga paaralan na nása 90–95% sa mga batàng Yakan ang nag-aaral na naimulat na sa kahalagahan ng pagkakaroon ng edukasyon. Ang limang porsiyentong natitirá ay mga nása malalayong kabundukan naninirahan at mas pinilìng tumulong sa pagsasáka upang may makain. Ibig sabihin, ang kahirapan pa rin ang sanhi ng hindi pagkakaroon ng edukasyon ng ibang batàng Yakan.

Dahil sa positibong pananaw ng mga Yakan sa edukasyon, marami na rin sa kanila ang nakapagtapos na ng pag-aaral at mayroon nang magaganda at maayos na hanapbuhay. Ang ilan sa kanila ay naging mga guro at propesor sa mga pamantasan. Ang iba naman ay naging mga pinuno ng mga munisipalidad, maging ng buong lalawigan ng Basilan (Abdurahim 2007).

Pagtàmmat o Pagtatapos

Ang **pagtàmmat** o pagtatapós ang pinakamahalagang seremonya na isinasagawa kapag ang isang batàng Muslim ay nabása nang buo ang Qur'an. Tinatawag na **Muríd** ang mga batàng Muslim na nag-aaral magbasá ng Qur'an. Kapag nagpapakita na ng interes ang isang batà sa pagbabasá, maaari na siyang turuang magbasá ng Qur'an. Karamihan sa mga **Muríd** ay natatapos magbasá ng Qur'an sa edad na 15 taóng gulang ngunit sa kasalukuyang obserbasyon ng mga Yakan, pabatà nang pabatà ang edad ng mga **muríd** na natututong basahin ang Qur'an.

Ustadz naman ang tawag ng mga Yakan sa táong nagtuturo tungkol sa relihiyon ng Islam kasáma na ang pagbabasá ng Qur'an. Maaaring ituro ang pagbabasá ng Qur'an kahit sa bahay bagama't sa kasalukuyan, marami nang mga paaralan na tinatawag na **madràsah** ang nagtuturo ng mga paniniwala ng relihiyong Islam. Walang eksaktong bílang ng mag-aaral ang kailangan sa pagtuturo ng Qur'an, isa man o pangkatan ay maaaring mag-aaral o turuan ng Ustadz na mabasá ng Qur'an.

Mga Pinunòng Yakan

Dahil sa pagkakaroon ng positibong pananaw sa edukasyon ng mga Yakan, marami na sa kanila ang nakapagtapos ng pag-aaral. Ang bílang ng maraming

paaralan na mayroon sa Basilan ay isa pang dahilan ng pagtaas ng porsiyento ng mga nagtatapos na mga Yakan. Pinakamarami ang mga paaralang elementarya, ikalawa ang sekundarya, at mayroon na ring kolehiyo sa lungsod ng Isabela at Lamitan. Ayon sa mga Yakan, batay sa kanilang pagtatáya, 40% sa mga Yakan ang nakakapagtapos ng kolehiyo at naging propesyonal na may iba-ibang trabaho. Ang 60% naman ay mga nag-aaral pa, matatanda na, at nakipagsapalaran sa ibang bansa. Karamihan sa 40% na nakapagtapos ay mga guro, pulis, nars, at iba pang propesyonal sa lipunan. Marami rin sa mga politiko sa Basilan ay mga Yakan na nása matataas na posisyon ng mga lungsod at probinsiya gaya ng alkalde at gobernador. Sa estado sa búhay, batay pa rin sa pagtatáya at pagkakaalam ng mga Yakan, 20% ay nakaangat sa lipunan, 50% ay nása katamtamang antas, at 30% ay mahihirap pa rin.

MGA SANGGUNIAN

Mga Aklat

Buenaobra, Nita A. *Bokabularyong traylingguwal Yakan-Filipino-English*. Lungsod Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2003.

Sherfan, Andrew D. *The yakans of basilan island: another unknown and exotic tribe of the philippines*. Lungsod Cebu: Fotomatic (PHILS), Inc., 1976

Mga Tesis

Abdurahim, N. *Mga alamat ng yakan: isang kultural na pagsusuri*. Basilan State College Graduate School, Lungsod Isabela, Basilan, (2007). p.13.

Hassan, S. *Remarriages among the yakans*. ADZU, Graduate School, (1989). p.24.

Pasilan, E.F. *Dances of the yakan from lamitan basilan*. Southwestern University, Graduate School, (2015). p.34–35.

APENDIKS

Glosaryo

Ang glosaryong ito ay talaan ng mga katutubong salita mula sa wikang Bahasa Yakan na nalikom mula sa isinagawang pakikipamuhay, pakikipag-usap, at pakikipanayam sa mga katutubong Yakan. Inilalarawan ng mga salitang ito ang pang-araw-araw na pamumuhay, paniniwala, relihiyon, at iba pang mga kaugalian.

Isinasaalang-alang sa paglilista ng mga katutubong salita ang tamang bigkas sa wikang Yakan. Tinutukoy rin dito ang bahagi ng pananalita na kinabibilangan ng bawat salita.

Mga Daglat

Agrikultura	Agr	Literatura	Lit
Anatomiya	Ana	Matematika	Mat
Antropolohiya	Ant	Medisina	Med
Arkitektura	Ark	Musika	Mus
Astronomiya	Asn	Padamdang	<i>pdd</i>
Batas	Bat	Pagtatanim	Ptn
Biyolohiya	Bio	Pang-abay	<i>pnb</i>
Botanika	Bot	Pandiwa	<i>pnd</i>
Damit	Dmt	Pangingisda	Psd
Edukasyon	Edu	Pangngalan	<i>png</i>
Ekolohiya	Ekl	Panghalip	<i>pnh</i>
Ekonomiks	Ekn	Pang-uri	<i>pnr</i>
Etnologiya	Etn	Pantukoy	<i>ptk</i>
Gramatika	Gra	Pilosopiya	Pil
Heograpiya	Heg	Politika	Pol
Idyomatiko	Id	Relihiyon	Rel
Inhinyeriya	Inh	Sayaw	Say
Isports	Isp	Sining	Sin
Karpenteriya	Kar	Sosyolohiya	Sos
Komersiyo	Kom	Zoolohiya	Zoo
Lingguwistika	Lgw		

Salita	Bahagi ng Pananalita	Dominyo	Kahulugan
A			
aaséd-di	<i>png</i>	<i>Sos</i>	mga dayuhan
aatuwâ	<i>png</i>	<i>Sos</i>	hindi nila kasámang naninirahan sa kanilang pook o dayuhan
Águng	<i>png</i>	<i>mus</i>	isang uri ng instrumentong pangmusika na kadalasang ginagamit sa kasalan
Ámban	<i>png.</i>	<i>Gra/Lgw</i>	galing
Ámbat ne	<i>pby.</i>	<i>Gra /Lgw</i>	bahala na
Ampát Búlan	<i>pu.</i>	<i>Gra/Lgw</i>	apat na buwan
Awè	<i>pnb.</i>	<i>Gra/Lgw</i>	opo o pagtugon
B			
Badjù	<i>png.</i>	<i>Gra/Lgw</i>	damit
Bakás	<i>pnb.</i>	<i>Gra/Lgw</i>	tapos na
Bangsá	<i>png.</i>	<i>Pol</i>	tribu
Basìh	<i>png.</i>	<i>Kar</i>	bakal
Basî Bàlan			ipinangalan pagkatapos ng labanán ng mga katutubong pinamumunuan ni Sultan Kudarat na kilalang isang magiting na pinunong Muslim.
Batakán	<i>png.</i>	<i>Ptn</i>	Kawayan
Batáng- batárgan	<i>png.</i>	<i>Pol</i>	kasunduan
Batárgan	<i>png.</i>	<i>Psd</i>	Kahoy na ginagamit pansagwan
Bekkâh	<i>pu</i>	<i>Gra</i>	Putol

Bekkât	<i>pu.</i>	<i>Lgw</i>	Mahirap
Bellíhun	<i>pd.</i>	<i>Lgw</i>	Bilihin mo
Bessîtálim	<i>png.</i>	<i>Kar</i>	matalim na itak
Bétteng	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	nanganak
Béyre	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	isang uri ng kawayan na ginagamit para sa pag-angat ng sinulid ng habi upang mabuo ang iba't ibang disenyo.
Biddàh	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	iba
Binása	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	Sinaktan
Binélli	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	binili
Binissáhan	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	sermon
Binóo	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Dalahin
Bírey	<i>png.</i>	<i>Ark</i>	Batak
Bisán Sángem	<i>pby.</i>	<i>Lgw</i>	kahit gabi
Biyákxa	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	Sanay
Bóhat	<i>pu.</i>	<i>Lgw</i>	Mabigat
Bolá tápuk	<i>png.</i>	<i>Isp</i>	tawag sa bola na gawa sa dahon ng niyog na ginagamit sa paglalaro ng sipa
Biyáning	<i>png.</i>	<i>Ark</i>	Dilaw
Boó- boóhun	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	dalahin mo
Boóhun	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Dalahin
Budjáng	<i>png.</i>	<i>Ana</i>	Dalaga

Bulánan	<i>pu.</i>	<i>Lgw</i>	Buwanan
Buláwan	<i>png.</i>	<i>Kom</i>	Ginto
Bùdjak	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	<i>Spear</i>
Buyò	<i>png.</i>	<i>Bot</i>	<i>bettle nut</i>
Byaksané	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	sanay na
D			
Dahátus	<i>pu.</i>	<i>Kom</i>	isang daan
Dambuhì	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	nása huli
Dambuwa Katauhannún	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	isa lang ang alam mo
Dambuwa	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	isa
Dangíbu	<i>pu.</i>	<i>Kom</i>	Isanlibo
Datù	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	pinakamakapangyarihanna ang kaniyang mga salita ang batas ng lahat ng kaniyang nasasakupan
Dáwen	<i>png.</i>	<i>Bot</i>	dahon
Dawén- dawén	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	dahon-dahon
Dehíl lúhan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Unahan
Dembuwa	<i>png.</i>	<i>Mat</i>	Isa
Dembuwâh Poónan	<i>png.</i>	<i>Bot</i>	isang puno
Dendárgan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	nag-iisa
Dénde	<i>png.</i>	<i>Ana</i>	Babae
Dendéhin	<i>png.</i>	<i>Ana</i>	ang babae

Diát	<i>png</i>	<i>Sos</i>	<i>blood money</i>
Dówry	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	bigay-kaya
Dúse	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Kasalanan
Du'áh	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	tawag sa Panalangin ng Islam
Dúwe	<i>pu.</i>	<i>Mat</i>	Dalawa
E			
Ed-dóon	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Kunin
Eléw-eléw	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	araw-araw
G			
Gaá- níya	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	wala roon
Gábbang	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	instrumentong pangmusika na gawa sa kawayan.
Gah Láí	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	wala roon
Gái kataúhan	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	hindi alam
Gái	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	Hindi
Gasî	<i>png</i>	<i>Bot</i>	uri ng puno na ang dahon at bunga nitó ay dinidikdik upang gamíting panlason ng isda sa ilog
Gey Kúhi	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	paniniwalang hindi dapat gawin o mangyari, o may masamâng mangyayari kapag ginawa ang mga bagay na ipinagbabawal gawin
Gey tóo	<i>pby.</i>	<i>Sos</i>	hindi totoo
Ginantían	<i>pd.</i>	<i>Sos</i>	Pinalitan
H			
Hadjè	<i>pu.</i>	<i>Rel</i>	malaki

Hajj	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	pagpunta sa Mecca
Hapdénde	<i>pu.</i>	<i>Sos</i>	magandang babae
Hapháp	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	mabuti-buti
Haplélla	<i>pu.</i>	<i>Sos</i>	Guwapo
Harám	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Bawal
Hatínen	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	ibig sabihin
Hayép	<i>png.</i>	<i>Zoo</i>	Hayop
Hékka	<i>pu.</i>	<i>Mat</i>	Marami
Hináng nen	<i>png.</i>	<i>Eko</i>	trabaho niya
Hólen	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	holen
I			
Íhlai	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	Naroon
Ilansánga	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Ipako
Ilintánga	<i>pd.</i>	<i>Ant</i>	tumutukoy sa dalawa o higit pang táong iginapos na ihinulog sa malalim na dagat o ilog.
Ilúka	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	ibinuka
Inaláman	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	tapis
Iné Iné	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	kahit ano
Iné Pamíkílnun	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	Ano ang naisip mo?
Íne	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	Ano
Inggè	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	saan
Íngket	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	tali

Iné be ínen	<i>pang/ptg.</i>	<i>Gra</i>	Ano ba ito?
Iné pangalén ínen	<i>pang/ptg.</i>	<i>Gra</i>	Anong tawag dito?
Iníslam	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	tuli
Intág kew Inának?	<i>php/ptg.</i>	<i>Gra</i>	Saan ka pinanganak?
Intág	<i>php/ptg.</i>	<i>Gra</i>	Saan
Inúsal	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Gamitin
J			
Jákat	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	pagkawang-gawa
Jambú-jambúnen	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	tawag sa isang uri ng disenyo na makikita sa salawal
K			
Kahabà éllew	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	araw-araw
Kahágad	<i>pd.</i>	<i>Rel</i>	maniwala
Kákah	<i>png.</i>	<i>Psd</i>	Alimasag
Kakéhet	<i>png.</i>	<i>Kar</i>	lagare
Kanà	<i>png.</i>	<i>Bot</i>	maliit na kawayan
Kánas	<i>pd.</i>	<i>Eko</i>	tawag sa paggawa ng sawali
Kándit	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	sinturon ng yakan
Kapapúan	<i>png.</i>	<i>Bat</i>	nangangahulugang kanuno-nunuan
Kapatút	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	Responsibilidad
Kapépek	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	kahoy na maliit
Kárang	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	tawag sa mataas na kahoy gámit sa paglalakad
Karáng- kárang	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	dalawang kahoy na ginagamit sa

paghila ng paragos

Kataléwan	<i>pu.</i>	<i>Sos</i>	Katakutan
Kaymángo	<i>png.</i>	<i>Psd</i>	Alimango
Kémon	<i>php.</i>	<i>Sos</i>	Lahat
Kennà	<i>png.</i>	<i>Psd</i>	isda
Khutbà	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Sermon
Kànnas	<i>png.</i>	<i>Bot</i>	muràng kawayan
Kinákan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Kinain
Kinákan	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	Pagkain
Kinalángan	<i>pd.</i>	<i>Sin</i>	kinantahan
Kinamáda	<i>pd.</i>	<i>Ant</i>	Inimbak
Kiniskísan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	kiskis
Kiskísan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Kuskusin
Kissà	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	Kuwento
Kíte-kíte	<i>php.</i>	<i>Sos</i>	Tayo
Kómboh	<i>png.</i>	<i>Ant</i>	Tapayan
Kúhi	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	paniniwalang may mga bagay na maaaring gawin at naayon sa kanilang paniniwala
Kúle-kúle	<i>png.</i>	<i>Zoo</i>	pagong
Kulíntang	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	isang uri ng instrumentong pangmusika na may iba't ibang haba ng kahoy
Kúlung-kúlung	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	ito ang tawag sa karera ng kabayo

Kumalàrang	<i>png.</i>	<i>Ant</i>	pangalan ng isang ilog
Kúngkung	<i>png.</i>	<i>Ant</i>	tawag sa kuliling na inilalagay sa tainga ng kabayo
Kuppiyà	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	kapalit ng sumbrero
Kuwè itu	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	ngayon
Kwintaàngan bessî o Tumbàga	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	Instrumentong gawa sa tanso at binubuo ng limang nakahanay na maliit na agung na nakapatong sa isang pahabang kuwadrang kahoy.
Kwintàngan Kàyu	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	Gawa sa limang mahahabang bilog at matibay na kahoy. Ang bawat kahoy ay nakatali at isinabit sa isang matibay na kahoy. Gumagamit din dalawang matitigas na kahoy sa pagpapatugtog nitó. Dahil sa bigat ng instrumentong ito, madalas na dalawang tao ang nagpapatugtog.
L			
Laboán	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	pinakamaliit na àgung
Lábung	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	masagana
Lái	<i>Php</i>	<i>Gra</i>	Naroon
Lamí-lamihán	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	pinagsamang kasiyahan at kumperensiya
Langgál	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Mosque
Lansángan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Ipako
Larukán	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	tawag nila sa pinakamalaking agung
Lélla	<i>png.</i>	<i>Bio</i>	lalaki
Lépas	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Nawala

Leppì	<i>pd.</i>	<i>Dmt</i>	tiklop
Lettù	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	tanghali
Léssem	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	<i>Maasim</i>
Líbi	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	<i>Nipa</i>
Líri	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	gámit sa paghila sa tela upang gawing disenyo.
Lúnsey	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	tawag sa awit ng kinakasal.
Lumà	<i>png.</i>	<i>Ark</i>	Bahay
Lumbâ-lumbâ	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	tawag sa katutubong laro na gámit ang kabayo
Luménggan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Lumakad
M			
Mánda	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Maliligo
Manjarì Anán kuné	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Puwedeng tanggalin ko na?
Mag-ánda	<i>pd.</i>	<i>Sos</i>	Mamanhikan
Mag-íne kíte	<i>php/ptg.</i>	<i>Gra</i>	Ano ang gagawin natin?
Magléngan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Maglakad
Magleppì	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	patintero
Meglaboán			manunugtog ng mga àgung
Magsáil	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	isang awit na naglalahad ng mga totoong pangyayari
Magtàna	<i>pd.</i>	<i>Agr</i>	Magsáka
Magtunggû túnang	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	estado ng relasyon ng dalawang táong may kasunduang magpakasal sa

			takdang panahon
Makatékkeng	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	Pagod
Mamélli	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Bibili
Mámdi	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	maligo
Matàngal	<i>png</i>	<i>Ant</i>	bundok na matatagpuan sa munisipyo ng Tuburan, Basilan
Maulúd	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	tawag kung kailan ipinanganak ang Prophetang Mohammad
Misán Sángem	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	kahit gabi
N			
Nángis	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Umiyak
Nakurâ / panuhútan	<i>png.</i>	<i>Pol</i>	Pinuno
Néngket- Wé-e Kew	<i>png/ptg.</i>	<i>Gra</i>	Bakit ka?
Nengkò	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	upo
Ngíram	<i>png</i>	<i>Sos</i>	naglilihi
Núntung	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	manunugtog ng lepek
O			
Ólos	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	Tapis
P			
Pagkawin	<i>png</i>	<i>Sos</i>	Kasal
Pagngangâ	<i>png</i>	<i>Sos</i>	Pagngunguya
Pagpuàsa	<i>png</i>	<i>Rel</i>	<i>Fasting</i>
Pagtámmat	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Pagtatapos

Paggúnting	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Pagbibinyag
Parehéngan	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	Pahingahan
Patekká-tekká	<i>png</i>	<i>Sos</i>	Dayuhan
Painnù	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	sabi mo
Pakaníye	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	kaniya- kaniya
Pamógpog	<i>png.</i>	<i>Kar</i>	Pamukpok
Pamomónoh	<i>png.</i>	<i>Pol</i>	Pakikipagdigmaan
Panagnáan	<i>pby.</i>	<i>Sos</i>	Panimula
Pangantànan	<i>png</i>	<i>Mus</i>	àgung na may katamtamanang laki
Palará at mepék	<i>png</i>	<i>Mus</i>	isang maliit na kahoy na pamukpok sa tuntungan
Pandéy	<i>png</i>	<i>Sos</i>	lokal na komadrona
Pangaddátan	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	pag- uugali
Pangánting Lélla	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	lalaking ikakasal
Pangaddátan	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	Kaugalian
Pángkat	<i>png.</i>	<i>Pol</i>	Ninuno
Pariyawà	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Bumabâ
Patekkà-tekkà	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	táong tagaibang lugar
Peddían	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	Nasaktan
Peddì	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	masakit
Peddì-peddì	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	masakit-sakit
pegsulút-sulùtan	<i>png</i>	<i>Sos</i>	pag- uusap

Péndan	<i>pd.</i>	<i>Dmt</i>	Pagbuburda
Pékkeng	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	pagod
Penè	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	disenyo
Penéun	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Piliin
Pessà	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Nadurog
Pinaandáhan	<i>pd.</i>	<i>Sos</i>	pagpili ng magulang sa babaeng ikakasal
Pinakále	<i>pd.</i>	<i>Mus</i>	Pinatugtog
Pinalábey	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Pinadaan
Pinalatúpan	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	Tapis
Pinalíbut	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Ipaikot
Pìra	<i>png</i>	<i>Ant</i>	Sandata
Pis	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	uri ng tela na ginagaamit ng lalaki sa ulo
Pítew	<i>png.</i>	<i>Sin</i>	uri ng laro na may dalawang kahoy na magkaiba ang sukat
Pitúh kew	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	halika ka
Píyeh be	<i>png.</i>	<i>Eko</i>	Magkano ba?
Pogà	<i>png.</i>	<i>Ant</i>	Banga
Puh Gulàngan	<i>png</i>	<i>Ant</i>	isla ng Kagubatan
Pusakà	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	mana
Pússok	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	tuk-tuk
Puwipól	<i>png.</i>	<i>Ark</i>	tawag sa uri ng kahoy o poste na inilalagay sa gitna ng bahay

S

Sa- ínin	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	Ganito
Saisíg	<i>pd.</i>	<i>Eko</i>	tawag sa paggawa ng sawali
Salát	<i>png</i>	<i>Rel</i>	dasal na kailangang isagawa limang beses sa isang araw gaya ng paniniwala ng mga Yakan sa limang haligi ng Islam.
Sali be	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	Pareho ba?
Sambaháyang	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Dasal
Sámin	<i>png.</i>		Salamin
Sanàle	<i>png</i>	<i>Ant</i>	Tsinelas
Sángem	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	Gabi
Saputángan	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	Panyo
Sarâ sin Kapapùan	<i>png</i>	<i>Bat</i>	paraan o proseso sa pagpili ng pinuno ng mga Yakan na batay sa desisyon ng nakararami sa patnubay ng NCIP at DILG.
Sasà	<i>pd.</i>	<i>Bat</i>	away
Sáwe	<i>png.</i>	<i>Zoo</i>	ahas
Seddì láhat	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	tawag sa tagaibang lugar
Seddì- pe	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	iba pa
Sikémon	<i>php.</i>	<i>Sos</i>	para sa lahat
Séllag	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	sinulid
semmék-Yàkan	<i>png</i>	<i>Dmt</i>	kasuotang pang-Yakan
Sempú	<i>pu.</i>	<i>Mat</i>	Sampu

Si- ánu	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	Siya
Sígpit	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	Mahirap
Si kái	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	Amin
Sikáu	<i>php.</i>	<i>Gra</i>	sa iyo
Silúma	<i>pby.</i>	<i>Ark</i>	sa bahay
Sinalúan	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	uri ng tela
Sinulátin	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Naisulat
Síye	<i>png.</i>	<i>Gra</i>	Sila
Siyem pù	<i>pu.</i>	<i>Mat</i>	Sampu
Sud	<i>png.</i>	<i>Ark</i>	Isang uri ng kawayan na ginagamit sa paggawa ng tela.
Sukát	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	Hiling o kondisyon ng magulang ng babae
Sulgâ	<i>png</i>	<i>Rel</i>	paniniwalang kapag nagawa ito ng asawa at mga anak sa haligi ng kanilang tahanan, sila ay makapasok sa paraiso
Súlíp	<i>pd.</i>	<i>Dmt</i>	Sinulid
Súmping	<i>png.</i>	<i>Bot</i>	bulaklak
Sutlà	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	seda
suwáh bèkkat	<i>png</i>	<i>Dmt</i>	disenyong gaya ng <i>cross-stitch</i>
suwáh pèndan	<i>png</i>	<i>Dmt</i>	disenyong gaya ng <i>pag-embroidery</i>
Suwâ	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	punan

T

Tabangán te	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	tulungan natin
Tinabáŋan	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Tulungan
Tinandànan	<i>png</i>	<i>Eko</i>	bayad sa serbisyo ng paggawa ng sawali
Tabéttad	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Nailagay
Tabennían	<i>png.</i>	<i>Ark</i>	Tawag sa kasangkapan na inilalagay sa gitna ng palay
Tagnaán nun	<i>png.</i>	<i>Pol</i>	lahi o kanuno-nunuan
Tabù	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	palengke
Tagimàha	<i>png</i>	<i>Ant</i>	pag-aari ng Sultanato ng Jolo sapagkat sinasabing ikalawang nanirahan sa probinsiya
Tagìme	<i>png</i>	<i>Ant</i>	Yakan na nangangahulugang <i>the way to the iron</i> sapagkat maraming yamang mineral sa mga ilog ng rehiyon.
Tagná-in	<i>pby.</i>	<i>Ant</i>	Noong una
Tahínang	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	nagagawa
Támbal	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	Gamot
Tambahán nu	<i>pd.</i>	<i>Eko</i>	Dagdagan
Tànyak-tànyak	<i>png</i>	<i>Ant</i>	kulay puting pinta sa mukha ng ikakasal na Yakan
Tapépek	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	Napukpok
Táu Kémon	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	lahat ay marunong
Táu Kew	<i>pu.</i>	<i>Gra</i>	marunong ka

Téed	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	totoo
Téggel	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	Matagal
Tellù Dendéhin	<i>png.</i>	<i>Bio</i>	tatlong babae
Ténnun	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	Tela
Tinabáangan	<i>pd.</i>	<i>Sos</i>	tulungan
Toh	<i>pd.</i>	<i>Gra</i>	nagtuturo
Túlak	<i>png.</i>	<i>Ant</i>	panangga
Tumàhik	<i>png</i>	<i>Say</i>	<i>war dance</i>
Tuntúgan	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	instrumentong pangmusika
Túnglut	<i>pd.</i>	<i>Dmt</i>	Sinulid
Túntung	<i>png.</i>	<i>Mus</i>	Ito ang tawag sa manunugtog ng lepek
Tutúp	<i>png.</i>	<i>Dmt</i>	Panakip
U			
Úbang	<i>pby.</i>	<i>Ant</i>	dambanang gawa sa kawayan
Uleyán	<i>png</i>	<i>Ant</i>	hinango sa pangalan ng isang bundok na matatagpuan sa pinakasentro ng probinsiya
Umus Tàmbun	<i>png</i>	<i>Ant</i>	masaganang Lupain
Úsbà	<i>png.</i>	<i>Bat</i>	kaanak na mula sa panig ng ama
Uztádz	<i>png</i>	<i>Pol</i>	nag-aaral ng Qur'an sa ibang bansa na nagpapalaganap din ng Islam gaya ng Saudi Arabia.
W			
Wáli	<i>png.</i>	<i>Sos</i>	Basbas

Wáris	<i>png.</i>	<i>Bat</i>	Kaanak mula sa panig ng ina.
-------	-------------	------------	------------------------------

We-é kew	<i>pby.</i>	<i>Gra</i>	Kahit gabi
----------	-------------	------------	------------

Z			
Zakát pitlá	<i>png</i>	<i>Rel</i>	Pagkakawanggawa

Wordlist

	English	Filipino	Yakan
1.	one	isa	ìssah
2.	two	dalawá	dùwe
3.	three	tatló	tèllu
4.	four	ápat	àmpat
5.	five	limá	lìme
6.	six	ánim	ènnem
7.	seven	pitó	pìtuh
8.	eight	waló	wàluh
9.	nine	siyám	sìyam
10.	ten	sampû	sempûh
11.	twenty	dalawampû	duwèmpuh
12.	hundred	sandaán	dahàtus
13.	thousand	líbo	dengìbu
14.	none	walâ	gah niyàh
15.	all	lahát	kèmon
16.	count (v.)	magbiláng	ngìtung
17.	animal	háyop	hàyep
18.	bird (generic)	ibon	Mànuh-mànuh
19.	crow (bird)	uwák	òwak
20.	chicken	manók	mànuh
21.	wing (n.)	pakpák	peppík
22.	feather (n.)	balahíbo	buh
23.	crocodile	buwáya	buwàye
24.	eel	ígat	kasìli
25.	frog	palakâ	bekbák
26.	snake (n.)	áhas	sàwe
27.	pig (n.)	báboy	bàwi
28.	dog (n.)	ásó	àsú
29.	monkey	unggóy/matsíng	kùyah
30.	carabao	kalabáw	kàbew
31.	deer	usá	pàyew
32.	rat (n.)	dagâ	mèllek
33.	tail (n. animal)	buntót	engkóh
34.	turtle	pagóng	Kùle-kùle
35.	worm (earth)	buláte	luwàti
36.	mosquito	lamók	kèmmot
37.	louse (n.)	kúto	kèmmag
38.	spider	gagambá	bòmbo

39.	termite (white ant)	ánay	àney
40.	lice (insect)	kúto	kùtu
41.	butterfly	paruparó	Kabáh-kabáh
42.	cook (v.)	maglutò	megbèlla
43.	cooking pot	palayók	paliyuk
44.	ladle (n.)	kutsarón/sandók	kùha
45.	swallow (v.)	lumunók /nilunók	tinèllen
46.	eat (v.)	káin / kumáin	màngan
47.	egg (n.)	itlóg	pùgad
48.	salt (n.)	asín	àsín
49.	sweet potato	kamóte	kemuntih
50.	meat	karné	sinumbàlih
51.	soup	sabáw	lòhoh
52.	breakfast	almusál/agáhan	tendègan
53.	sour	maásim	lèssem
54.	sweet (adj.)	tamís /matamís	màmis
55.	bitter	mapaít	pàit
56.	full (sated)	busóg	essò
57.	hunger (n.)	gútom	inùsan
58.	drink (v.)	inumín	ngìnum
59.	thirst (n.)	úhaw	lekkàkan
60.	wine (n.)	álak	tubà
61.	rotten	bulók	bùhuk
62.	mortar (rice)	lúsong	linsùngan
63.	coconut (mature)	niyóg	làhing
64.	coconut (young)	búko	bèteng
65.	ginger	lúya	laiye
66.	grass	damó	sabét
67.	nipa	nípa	nipà
68.	peanut	manî	manì
69.	rice (husked)	bigás	bùwas
70.	husk (of rice)	ipá	àppah
71.	pound (v. rice)	magbayó	megbàyu
72.	pestle (rice)	pambayó	hèllu
73.	rice (cooked)	kánin	kinàkan
74.	rice (unhusked)	pálay	pàley
75.	ricefield	palayán	palèyan
76.	sugarcane	tubó	tebbù
77.	swidden (kaingin)	kaingín	tànah
78.	forest	gúbat	gulàngan
79.	plant (n.)	taním	tinànem
80.	tree	punò	kàyu

81.	root (n.)	ugát	gàmut
82.	bark (tree)	balát ng káhoy	Kuwít kàyu
83.	leaf (n.)	dáhon	dàwen
84.	flower (n.)	bulaklák	sùmping
85.	thorn	tiník	lùhi
86.	fruit	prútas	buwáh kàyu
87.	seed (n.)	butó	bigí
88.	banana (generic)	ságing	ùyat
89.	rattan	yantók	bùwey
90.	abaca	abaká	bàka
91.	cotton (not kapok)	búlak	gàpas
92.	eggplant	talóng	tàlum
93.	areca nut	búnga ng ngangà	lùgus
94.	betel leaf	ikmó	tèkkey
95.	betel/nut chew	ngangà	ùpah
96.	lime (CaO)	ápog	hapò
97.	now	ngayón	kuweìtu
98.	morning	umága	sàlung
99.	noon	tanghalì	Lettú èllew
100.	afternoon	hápon	kòhap
101.	day (not night)	áraw	èllew
102.	night	gabí	sàngem
103.	today	ngayón	kuìtu
104.	tomorrow	búkas	sùmu
105.	yesterday	kahápon	dìllew
106.	year	taón	tàhun
107.	moon	buwán	bùlan
108.	star (n.)	bituín	potèan
109.	sun	áraw	matá èllew
110.	sky	himpapawíd	làngit
111.	cloud (n.)	úlap	gabún
112.	thunder (n.)	kulóg	lugúng
113.	lightning	kidlát	kìlat
114.	rain (n.)	ulán	ùlan
115.	rainbow	bahaghári	biraddàli
116.	cold (weather)	malamíg	haggút
117.	warm (weather)	ínit/mainit	panás
118.	hot (weather)	maínit	Panás tèeb
119.	dwell (v.)	manáhan/tumirá	patènna
120.	fence (n.)	bákod	pàgal
121.	floor (n.)	sahíg	kàpan
122.	house (n.)	báhay	lùmah

123.	roof (n.)	bubóng/atíp	sàpew
124.	space (under house)	sílong	Diyàwah lùmah
125.	window (v.)	bintanà	tandèwan
126.	wall (n.)	díngding	dindíng
127.	return (v. home)	uwî	molèh
128.	live (v. life)	mabúhay	èllum
129.	ankle	búkungbúkong	bùku-bùku
130.	body	katawán	barán
131.	leg (n.)	hità	paá
132.	foot (n.)	paá	bèttis
133.	heel (n.)	sákong	tìked
134.	sole (of foot)	talampakan	pat bettís
135.	knee (n.)	túhod	tùut
136.	toe (n.)	dalirì ng paá	gulàmey bettís
137.	vagina	puwérta, pukì	pùki
138.	penis	titì	botòh
139.	anus	tumbóng	tòmbong
140.	buttocks	pigî	pigì
141.	shoulder (n.)	balikat	bàha
142.	palm (of hand)	pálad	pat tàngen
143.	finger (n.)	dalirì	gulàmey
144.	elbow (n.)	síko	sìku
145.	arm (body part)	bráso	lèngngen
146.	span (armspread)	dipá	dèppe
147.	hand (n.)	kamáy	tàngan
148.	span (hand)	dangkál	pàngew
149.	chest (body)	dibdíb	paàkan
150.	breast (mammary)	súso	sùsu
151.	back (of person)	likód	bùkut
152.	belly	tiyán	bètteng
153.	heart	pusò	jàntung
154.	intestines	bitúka	tinài
155.	liver	atáy	àtey
156.	lungs	bagà	bikèllen
157.	rib (n.)	tadyáng	pàyang
158.	vein	ugát	òhat
159.	blood	dugô	làhah
160.	bone	butó	tòlang
161.	fat (n.)	tabâ	lèmmek
162.	head (n.)	úlo	kok
163.	hair	buhók	bùkok
164.	brain	útak	ùtek

165.	face (n.)	mukhâ	lùwe
166.	forehead	noó	lèndoh
167.	cheek	pisngí	pàpa
168.	chin	babà	làngal
169.	mouth (n.)	bibíg	behè
170.	lip (n.)	labì	sing behè
171.	tongue (n.)	dilà	dèllah
172.	tooth	ngípin	impén
173.	ear	taínga	taínge
174.	eye (n.)	matá	màta
175.	eyebrow	kílay	kìley
176.	eyelashes	pilikmatá	pellékmàta
177.	nose (n.)	ilóng	ung
178.	neck (entire)	leég	kèllong
179.	throat (neck front)	lalamúnan	bikèllen
180.	skin (n.)	balát	kùwit
181.	scar (n.)	pílat /péklat	meghàblun
182.	weave (v. cloth)	tahî, tahîin, hinabî	tènnun
183.	weave (v. mat)	lála	ànem
184.	mat (n.)	baníg	tèpo
185.	sew (v.)	tahî / itahî / manahî	maglàit
186.	needle (n.)	karáyom	dàlum
187.	blanket	kúmot	òlos
188.	pillow (n.)	únan	ùan
189.	trousers	pantalón	sàwal
190.	loincloth	bahág	sòllet
191.	wash (v. clothes)	labá/máglaba	magdekdák
192.	rope (n.)	lúbid	ìngket
193.	north	hilagà	diyàtah
194.	east	silángan	silàngan
195.	west	kanlúran	seddèpan
196.	south	tímog	Diyàut/ tímul / tunggàra
197.	near (adv.)	malápít	tàpít
198.	far	malayò	tàla
199.	right (not left)	kánan	kanàwan
200.	left (not right)	kaliwâ	bìbang
201.	narrow	makítid/makípot	Kìput/igpít
202.	wide	maluwáng	luhà
203.	deep	lálím / malálím	làlem
204.	under	ilálím	diyàwah
205.	full	punô	pènnoh
206.	short (height)	mababà	pandàkan

207.	short (length)	maiklî	pandák
208.	large	malakí	hàdje
209.	long (adj.)	mahabà	tàha
210.	straight	derétso/tuwíd	bentél
211.	afraid	tákot	tàlew
212.	anger	gálit	ngàma
213.	ashamed	nahiyâ	lèman
214.	cry (v.) (weep)	iyák / umiyák	nàngis
215.	fear (v.)	matákot	tinàlew
216.	fight (n.)	áway	magsàsah
217.	lonely	malungkót	làmma
218.	pain (n.)	sakít/kirót	pèddih
219.	laugh (v.)	tawá/tumáwa	sàye
220.	climb (v.)	akyát / umakyát	manàik
221.	float (v.)	lumútang	pagàmpung
222.	fly (v.)	lumipád	palàyang
223.	fall (v.)	húlog	làboh
224.	pull (v.)	hiláhin	binalùtan
225.	push (v.)	itúlak	iluntùran
226.	run (v.)	takbó	Mag-ùbas
227.	quick (adv.)	bilís / mabilís	lakkés
228.	walk (n.)	lákad/maglakád	lumèngngan
229.	turn	paikútin	pinalibot
230.	stand (v.)	tayô / tumayô	nèngge
231.	sit (v.)	upô / umupô	nìngkoh
232.	throw (v.)	itsá, ihágis	ilayàpan
233.	throw away (v.)	ibasúra	tinimànan
234.	companion	kasáma	sawèh
235.	friend	kaibígan	bàgay
236.	woman	babáe	dènde
237.	man (n.)	laláki	lèlla
238.	old (man)	matandáng laláki	abàhih lèlla
239.	old (woman)	matandáng babáe	Abàhih dènde
240.	person	táo	àa
241.	household	sámahayán	kalumàan
242.	family	pamílya	pamàngkat
243.	father (n.)	tatay	àmmah
244.	mother (n.)	nánay	ináh
245.	sibling	kapatíd	pungtinài
246.	offspring	anák	anák
247.	spouse (n.)	asáwa	èlla
248.	wife	asawang babáe	ànda dènde

249.	child	anák	anák
250.	slave (n.)	alípin	daraàkan
251.	widow	bálo	bàlu
252.	name (n.)	pangálan	àlen
253.	blind (adj.)	bulág	pèssek
254.	deaf	bingí	bìsu
255.	sick	maysakít	sakì
256.	dead	patáy	màtey
257.	die (v.)	mamatáy	mapàtey
258.	boil (infection)	pigsâ	kebutbút
259.	cough (n.)	ubó	hìket
260.	skinny	napakapayát	kàgkag
261.	itch (n.)	katí	kàtel
262.	medicine	gamót	tàmbal
263.	defecate (v.)	dumumí/tumáe	sùngih
264.	excrement	ipòt/dumí	tàih
265.	spit (v.)	dumurâ	ngaluráh
266.	urine	ihì	màngeh
267.	vomit (v.)	nagsuká/súka	ngùtah
268.	sweat (n.)	páwis	sòngot
269.	sea	dágat	tahík
270.	lake	lawà	bohèh hādje / lànèw
271.	water (n.)	túbig	bohèh
272.	waterfalls	talón	bèssey
273.	river	ílog	sapàh
274.	flow (n.)	ágos	sèlleg
275.	boat	bangkâ	baùtu/bàwtu
276.	padde (n.boat)	pansagwán	bùsey
277.	raft	balsá	àlul/butì
278.	swim (v.)	langóy /lumangóy	palangì
279.	fish (n. Generic)	isdâ	kènna
280.	wet (adj.)	basâ	bessèh
281.	dry (not wet)	tuyô	tòhoh
282.	dry (in the sun)	ibilád	pinaellèwan
283.	boil (v.)	kulô	mùkal
284.	bathe (v.)	maligò	màndi
285.	comb (n.)	sukláy	sùgley
286.	fragrant	mabangó	hàmut
287.	rub (v.)	ikuskós	sinùsut
288.	smooth (adj.)	kínis / makínis	lànuh
289.	squeeze (v.)	pigâ /pigaín	pèggah
290.	wash (v. hands)	húgas/naghúgas	ngosòh

291.	wipe (v.)	páhid, punásan	magsàpu
292.	dirty (clothes)	marumí	lemmih
293.	bad (not good)	masamá	geháp
294.	bite (v.)	kagát	kekét
295.	burn (v.)	súnog / sunúgin	eggás
296.	cut (v. slice meat)	hiwà/ magputól	megkèhet
297.	kick (v.)	sipáin	sinìpah
298.	kill (v.)	patayín	pinapàtey
299.	lie (v. tell untruth)	magsinungaling	magpùting
300.	scratch (v.)	kalmutín	kinùkot
301.	steal (v.)	nákaw /magnákaw	nàngkew
302.	strong	lakás /malakás	bàsag
303.	weak (adj.)	mahinà	làmma
304.	sharp (knife)	tálas/matálas	tàlem
305.	sheath (bolo)	kalúban, suksúkan	tagùban
306.	split (v. wood)	sibák	kèpak
307.	stab (v.)	saksák /saksakín	dinugsúan
308.	dull (knife edge)	mapuról	tàmpul
309.	dream (n.)	panagínip	tagìnep
310.	forget (v.)	makalímot	takalùpa
311.	remember (v.)	tandaán	inèsseb
312.	know (v. a fact)	alám	kataùhan
313.	know (v. a person)	kilála	takilàle
314.	learn (v.)	matutúhan	tahàti
315.	repeat (v.)	ulítin	binàlik
316.	play (v.)	maglarò/laruin	maglòlah
317.	sing (v.)	umáwit	ngàlang
318.	sleep (v.)	matúlog	tùli
319.	awake (adj.)	gisíng	ngàpe
320.	hold (v.)	hawákan	inantànan
321.	smell (v.)	amóy	tahàmut
322.	see (v.)	tingnán	pàyam
323.	say (v.)	sábi	pàin
324.	answer (n.)	sagót	sàmbung
325.	call (v.)	tawágin	Ilingànan
326.	story	kuwénto	kìssa
327.	word	salitâ	bissará
328.	yes	óo	awèh
329.	no	hindî	gài
330.	fire (n.)	súnog	èggas
331.	smoke (n.)	úsok	hùmbu
332.	ash	abó	àbu

333.	charcoal (not ember)	uling	bùling
334.	wind (n.)	hángin	balìyu
335.	dust (n.)	alika bók	bagunbún
336.	mud	pútik	pìsak
337.	sand (n.)	buhángin	ùmus
338.	wood (n.)	káhoy	kàyu
339.	road	daán	làlan
340.	earth (soil)	lúpa	bùlak
341.	earthquake	lindól	lìnug
342.	stone (n.)	bató	bàtu
343.	trail (n.)	landás	bàkkas
344.	mountain	bundók	pùnu
345.	summit	tuktók	punjúng
346.	pay (v.)	báyad	bàyed
347.	sell (v.)	ibénta, ipagbilí	dinàgang/ pinabellìhan
348.	buy (v.)	bilí / bumilí	mèlli
349.	work (v.)	magtrabáho	maghináng
350.	debt	útang	ngùtang
351.	poor (not rich)	maralita	miskín
352.	rich	mayáman	dayàhan
353.	cheap	múra	mùra
354.	expensive	mahál (na presyo)	mahalgâ
355.	give (v.)	ibigay	ngùrung
356.	white	putí	pòte
357.	black	itím	ìttem
358.	red	pulá	pèyat
359.	yellow	diláw	binàning
360.	green	luntî	gàddung
361.	beautiful	magandá	hap
362.	big	malakí	hàdje
363.	blow (v.)	íhip / híhip	tihúp
364.	breathe	hiningá	nàpas
365.	bury (inter)	ilibíng	kinùbul
366.	difficult	mahírap	hùnit
367.	dig (v.)	hukáy / humúkay	magkalì
368.	good (adj.)	mabúti/mabaít	hàtul
369.	hard (not soft)	matigás	tùwas
370.	heavy	mabigát	bòhat
371.	hide (v.)	magtagò	patàpuk
372.	how (many)	ilán	pìyeh
373.	hunt (v.)	mangáso	mèllim
374.	light (not heavy)	magaán	làmpung

375.	lose (v.)	nawalà	lèpas
376.	new	bágo	bahàu
377.	old (object)	lumà	àndang
378.	other (different)	ibá	sàddi
379.	ring	singsíng	sinsím
380.	shadow (n.)	aníno	lìngew
381.	small (adj.)	maliít	dìkì
382.	stick (adhere)	díkít /dumikít	lèkket
383.	suck (v.)	sumúso	Nèssep
384.	tear (n.)	luhà	bohèh màta / ginèsse
385.	tie (v.)	tinalì	inèngketan/
386.	wait (v.)	maghintáy	ngàgad
387.	string	talì	ìngket

Mga Informant



Hj. NARA ATAO
63 taong gulang
Upper Calarian



JAKIYAN BASANG
56 taong gulang
Upper Calarian



ASIYA S. TADJA
81 taong gulang
Upper Calarian



OTTOH SALIBAN
Imam
41 taong gulang
Upper Calarian



SERGIO A. ILUL
Tribal Leader
61 taong gulang
Upper Calarian



DONING A. BASANG
51 taong gulang
Upper Calarian



BABYGIRL BUANA
25 taong gulang
Upper Calarian



NORITA I. PANGKALAN
35 taong gulang
Upper Calarian



DARNA BUANA
taong gulang
Upper Calarian



**PROF. EARL
FRANCIS C. PASILAN**
35 taong gulang
Ateneo de Zamboanga



**IBRAHIM T.
MUHALLUS**
52 taong gulang
Isla ng Sacol



**ABIRIN J. TEREH
DATU**
67 taong gulang
Isla ng Sacol



ATID A. ANAMIL
49 taong gulang
Isla ng Sacol



SAMAD B. ADDAD
63 taong gulang
Isla ng Sacol



BASIL B. SAMPURAT
50 taong gulang
Isla ng Sacol



SULAIMAN I. KAJUH
50 taong gulang
Isla ng Sacol



**JULAIDA T.
WILMAN**
IPMR
49 taong gulang
Isla ng Sacol



SAUDA M. USMAN
51 taong gulang
Isla ng Sacol



**FATIMAN A.
SAPPALIN**
49 taong gulang
Isla ng Sacol



**NURSARA M.
TAWASIL**
50 taong gulang
Isla ng Sacol



**Hija. TATTAH T.
MAHARI**
73 taong gulang
Isla ng Sacol



Muti, Lungsod
Zamboanga



**SANIR C. SAMPUTO
IMAM**
53 taong gulang
Sumagdang, Isabela



**RAJA. ABDULKUDUS
A. SALIHIN, IPMR**
50 taong gulang
Sumagdang,
Isabela



TAHIRA S. ISMAEL
50 taong gulang
Sumagdang, Isabela



AHMAD A. NURUL
35 taong gulang
Sumagdang, Isabela



**HASAN K.
ABDURAHUNAN
IMAM**
38 taong gulang
Sumagdang, Isabela



**JUHRA M.
DAHOROY**
29 taong gulang
Sumagdang, Isabela



ALBIYA J. YUNUS
IPMR-Lamitan
44 taong gulang
Limo-ok, Lamitan



**RAJA. MARVIN
BAISARA**
IPMR-Lamitan
45 taong gulang
Limo-ok, Lamitan



ARTHUR D. BAUL
53 taong gulang
Parangbasak, Lamitan



**MUSMIRAL M.
SAHASAL**
42 taong gulang
Sta. Clara, Lamitan



BOY S. AKILIN
40 taong gulang
Balagtasan, Lamitan



Buahan, Lamitan



**NURAIISA D.
LANGKAHAN**
27 taong gulang
Cabobo, Lamitan



FAIZAL A. UMING
30 taong gulang
Ba-as, Lamitan

Mga Mananaliksik



ANALYN D. SAAVEDRA, PhD

Nagtapós si Dr. Analyn D. Saavedra ng kursong Batsilyer ng Sining sa Pang-elementaryang Edukasyon (BEEd) sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao (WMSU) sa Lungsod Zamboanga. Dito rin niya tinápos ang mga digring Master ng Sining sa Pagtuturo ng Wika at Doktor ng Pilosopiya sa Pagtuturo ng Wika.

Dati siyang Master Teacher I sa sangay ng Lungsod Zamboanga bago naging Asst. Professor IV sa WMSU kung saan siya kasalukuyang nagtuturo ng mga asignaturang Filipino at Pananaliksik sa mga *undergraduate* at paaralang grawado. Bukod sa pagtuturo, nakapagsagawa na rin siya ng mga pananaliksik sa pakikipagkolaborasyon sa Departamento ng Social Sciences ng DLSU-Manila at U.P. Los Baños. Siya ang kasalukuyang *research coordinator* ng Kolehiyo ng Malalayang Sining, at bílang mananaliksik at manunulat, ang kaniyang mga pag-aaral ay nailathala na rin sa mga Internasyonal na Journal (Scopus-Indexed).



JANE NURZAIMA O. VILLACIN, MAEd

Ipinanganak sa Lungsod Lamitan, probinsiya ng Basilan at nakatirá sa San Ramon, Lungsod Zamboanga. Nagtapós siya ng Batsilyer ng Sining sa Pang-elementaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao (WMSU) noong 1991. Kasalukuyang tinatápos ang kaniyang *masters* sa Filipino sa nasabing institusyon. Sa kasalukuyan, siya ay may ranggong *Assistant Professor 1* at *Alumni Coordinator* sa Kolehiyo ng Malalayang Sining ng WMSU.



HANNA D. ACKERMANN, MAEd

Nagtapos ng Batsilyer sa Edukasyong Sekundarya sa Filipino (*BSED Filipino*) noóng taóng 2011 at Digri sa *Masters* ng Sining sa Pagtuturo ng Edukasyong Pangwika noóng 2017 sa Western Mindanao State University. Siya ay naging *resource speaker* sa ginanap na *Regional Mass Training of Teachers for Senior High Grade 11* sa Lungsod

Pagadian. Naging tagapagsanay sa dagliang talumpati ng *Mindanao Association of State Tertiary Schools Games* (MASTS GAMES) noóng 2019. Kasalukuyang guro sa Filipino sa Kolehiyo ng Malalayang Sining ng WMSU.